


PATUNAY NG KANYANG PAGKABUHAY NA MAG-ULI

 Salamat, Kapatid na Neville. Magandang umaga, mga kaibigan. Napaka inam talagang makaparito sa tabernakulo muli sa umagang ito, para sambahin ang Panginoong Jesus. Pangalawang gawain na po ito para sa marami sa atin, sa araw na ito. Naparito po tayo kanina nang maaga, ngayong umaga, at kinatagpo tayo ng Panginoon sa isang kamangha-manghang paraan. At papunta po ako rito kanina't nakipag-usap sa ilang kapatiran nang ilang minuto, at wala pa akong nakaantabay na teksto. At, malalaman mo na lang, mangangaral na pala ako. At kami po'y nagtamasa ng—ng napaka inam na panahon, at tayo nga'y malaki ang pasasalamat sa Panginoon para rito.

² Ngayon, pasensya na po, sa munting tabernakulong ito rito na wala kaming kalaking lugar para maupua't pasensya na po talaga sa mga tao na kinakailangang tumayo nang ganyan. Di ko po talaga gusto na ganyan, siyanga, pero 'yun lang po talaga ang magagawa namin sa panahong ito. Kaya marahil di namin kayo pananatilihin nang matagal; kaunting pagbati lamang ng Pasko ng Pagkabuhay para sa inyong lahat. At mananalangin tayo para sa mga maysakit, sa umagang ito, gaya ng pagkaka anunsyo. At nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa lahat ng ginagawa natin, dahil 'yun ang pinaka dahilan ng pagparito natin, na kakatagpuin tayo ng Diyos at pagpalain tayo.

³ Ngayon, gawain ng pagbabautismo ang gawain mamayang gabi. At kayo po na di pa nababautismuhan sa pamamagitan ng paglulubog, at may pagnanais na gawin 'yun, siyanga't, amin pong inaanyayahan kayo rito mamayang gabi. Pumarito kayo, maghanda, at magdala kayo ng mga kasuotan n'yo para sa pagbabautismo, dahil umaasa tayo sa isang dakilang gawain dito mamayang gabi, sa pagbabautismo.

⁴ At ngayon, sa araw na ito, yamang ngayon ay Pasko ng Pagkabuhay, at marami sa inyo ang nakadalo na, marahil, sa sari-sarili n'yong mga gawain, o dito kanina nung gawain ng pagbubukang-liwayway. Nagagalak po kami na naparito kayo sa amin para makibahagi sa . . . nitong gawain natin sa araw na ito ngayon.

⁵ Pero para ipagpatuloy po ang isang munting pangungusap sa Pasko ng Pagkabuhay na ito, sa umagang ito, ibinabaling namin ang atensyon n'yo rito sa Ebanghelyo ni San Juan, sa

ika-21 kabanata, at sa ika-3 at ika-4 na mga talata. At tapos doon din sa San Marcos sa . . . o sa San Lucas po, pala, sa ika-dalawampu't . . . o sa ika-49 na kabanata. Gusto kong basahin pansumandali. Unahin natin, San Juan 21.

Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, Mangingisda ako. Sinabi nila sa kaniya, Kami man ay magsisisama sa iyo. Sila'y nagsiyaon, at nagsilulan sa daong; at nang gabing yaon ay wala silang nahuling anoman.

Nguni't nang nagbubukang liwayway . . . na, si Jesus ay tumayo sa baybayin: gayon ma'y hindi napagalaman ng mga alagad na yaon ay si Jesus.

⁶ Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa bahaging ito ng Salita. Tapos, sa Lucas naman sa ika-49 na . . . kabanata, at simulan natin sa ika-27 talata.

At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila . . . ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.

At sila'y malapit na sa nayon, na kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may paroroonang lalo pang malayo.

At siya'y kanilang pinigil, na sinasabi, Tumuloy ka sa amin: sapagka't gumagabi na, at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila.

At nangyari, nang sila'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay at binasbasan, at ito'y pinagputolputol, at ibinigay ito sa kanila.

At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; . . .

⁷ Grabe ang naging pagkakaiba! Dito sa isang banda, di nila Siya nakilala. At sa dako naman dito, nakilala nila Siya, sa pamamagitan ng isang bagay na ginawa Niya.

. . . at siya'y nawala sa kanilang mga paningin.

At sila-sila'y nagtungo at nangagsabihan sa isa't isa, Hindi бага nagaalab ang ating mga puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang . . . binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?

⁸ Ngayon maaari lamang na iyuko natin ang ating mga ulo, sa pansumandaling pananalangin.

⁹ Aming mabuting Makalangit na Ama, pinasasalamat na Ka po namin, sa umagang ito, para sa dakilang okasyon na ito na mayroon kami, na makapagtipun-tipon sa Presensya ni Cristo, sa pagkabuhay na mag-uli; na magkamit ng buong katiyakan ng Makalangit na pagbubuklod, na maging kasalo sa Kanyang

pagpapapako sa krus, na naipako kaming kasama Siya sa mga bagay ng sanlibutan, at ibinangong mag-uli patungo sa Buhay na Walang Hanggan. At heto na ang pag-asang ito’y nakalagak sa kaloob-looban namin ngayon.

¹⁰ At gaya mismo ng propeta ng sinaunang panahon, masasabi namin, “Talastas namin na ang aming Manunubos ay buhay.” “Nabubuhay kailanman, nakaupo sa kanan ng Karangalan sa Kaitaasan; isang angkop na Dakilang Saserdote, Siya Mismo na nakalaspag ng paghihirap at namamagitan sa aming mga pag-amin sa pagkakasala.” Ganoon na lamang na pinasasalamat Ka po namin para sa bagay na ito! Nag-aalab sa loob namin ang aming mga puso sa tuwing naiisip namin na may Isa na kumakatawan sa amin, sa araw na ito, sa Presensya ng dakila’t Makapangyarihan sa lahat na Diyos. Haya’t di Siya patay, bagkus ay nabubuhay, at nakaluklok sa Kanyang Presensya. At Siya’y sumasa lahat ng dako, nasa lahat ng dako, nalalaman ang lahat ng mga bagay, pinaka makapangyarihan, nagagawa ang lahat ng mga bagay, nalalaman ang lahat ng mga bagay, sumasa lahat ng dako sa tuwina. Kaya’t ganoon na lamang na pinasasalamat Ka namin para sa dakila’t maluwalhating Katotohanan na ito na kinakanlong namin sa aming mga puso ngayon, tunay na sinisinta namin Ito nang husto’t mayroong paggiliw!

¹¹ At, Doon, Siya’y nahihipo’t nahahabag sa aming mga kahinaan, dahil Siya’y naghirap para sa amin, dinala ang karamdaman namin sa Kalbaryo. Husto ang galak namin dahil doon, na malaman namin ‘yan sa araw na ito, at ang malaman ang tuwirang katiyakan na taglay na namin ngayon. Siya’y nabubuhay, na nangungusap para sa’min, na sa’min ay umiibig. Iyo pong ibunsod na ang Kanyang Presensya’y magtuluy-tuloy sa amin sa araw na ito, ibunsod ang araw na ito na maging tunay na Araw ng Pagkabuhay!

¹² At, Diyos, sa mga di pa nakakakilala sa Iyo sa umagang ito, na mga dayuhan, na di pa nakikilala si Cristo sa pagkabuhay na mag-uli, dalangin namin na Siya nawa’y pumarito sa buong mismong maringal na kapangyarihan, na iwinawaglit ang mga pagkakasala mula sa kanilang mga buhay at ipinagkakaloob sa kanila ang mga mabubuting bagay ng Diyos, sa halip. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa ang araw na ito’y ibunga ‘yun sa bawat di-mananampalataya na mapapadako sa Makalangit na Presensya.

¹³ Iyo pong pagpalain ang lahat ng mga gawain sa buong bansa, na idinadaos ngayong araw na ito sa paggugunita sa dakilang pag-alaala na ito.

¹⁴ Ngayon Iyo pong tulungan ang iyong lingkod na walang kabuluhan, Panginoon, habang itinatagubilin namin ang aming mga sarili sa Iyo. Iyo pong pagpalain ang bawat isa na narito.

At nawa, sa pagtatapos ng gawain, ay masabi namin kagaya ng mga kalalakin na 'yun sa Emaus nung araw na 'yun, "Hindi бага't ang mga puso nati'y nag-alab sa loob natin, habang Siya ay nakikipag-usap sa atin sa daan?" Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sapagkat hinihiling namin ito sa Kanya mismong Pangalan. Amen.

¹⁵ Sa nakatalagang kalooban ng dakilang plano ng Diyos ng pagliligtas, mangyaring noong panahong una pa, haya't nilikha ng Diyos ang tao na maging mananamba Niya, nilikha Niya ang tao na ganoon, na ang tao'y magawa 'yun. Na ang tao ay magkaroon ng kagustuhang sumamba. At lahat sa pagtugaygay ng mga kapanahunan, may pag-aasam sa tao na sumilip dun sa kabilang bahagi ng tabing na nakasabit sa pagitan niya at ng lugar na paroroonan niya.

¹⁶ Noong A.D. 603, nung mabautismuhan ang hari ng Inglatera sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, ni San Augustine. Sila nga'y nakaupo noon sa isang malaking siga na painitan isang gabi, habang nakikipag-usap siya sa hari patungkol kay Cristo, may isang munting maya na lumipad papasok sa liwanag, ang ibon ay lumipad-lipad doon nang kaunti, tapos lumipad na rin palabas. At mangyaring si San Augustine ang sabi sa hari, sabi niya, "Saan kaya nanggaling ang ibong 'yun, at saan kaya siya nagpunta?" Sabi niya, "Ganoon din sa bawat tao na dumadako sa mundong ito. Mapupunta siya rito, na tatahak taglay ang kaunting diwa ng mga pandama, nang walang kaalam-alam kung saan ba siya talaga nanggaling. At may nag-iisang Aklat lang na makapagsasabi sa kanya kung saan siya patutungo, at 'yun ang Biblia." At, sa pamamagitan nun, ay naakay ang hari at itinagubilin niya ang kanyang buhay sa Panginoon. At, nung sumunod na araw, siya at ang buo niya mismong sambahayan ay nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoon.

¹⁷ Ang tao sa natural niyang estado, ay hindi niya—hindi niya mauunawaan ang espirituwal na mga bagay. Dahil ang mga bagay na 'yun ay nangangailangan ng espirituwal na pagtalos.

¹⁸ At ngayon gusto ko pong makinig kayo nang maigi sa abot ng makakaya n'yo. Alam ko na mahirap, lalo na sa inyo na mga nakatayo, at heto nga na siksikan ang mga tao rito. Pero inyo lamang pong pakinggang maigi ang Salita, para sa kapakanan ng mga lipos ng sakit at maging sa mga lipos ng kasalanan; lalo na sa mga lipos ng kasalanan, sa umagang ito, at naghahangad na makasumpong ng kapayapaan.

¹⁹ Ang proklamasyon ng pagpapalaya ay nalagdaan na. Kayo po'y pinalaya na, at di n'yo lang 'yun nalalaman. Pero, ang pananampalataya nga'y marapat lamang na may Makalangit na dako na paglalagakan, unang-una. Kung kayo nga ay may pananampalataya sa Diyos, kinakailangan na may Makalangit na dako kayo na paglalagakan nito. At wala ngang mas iinam

pang dako, at wala nang ibang Makalangit na paraan, kundi sa pamamagitan lamang ng banal na Salita ng Diyos. At hangad natin na ang ating pananampalataya ay mailagak mismo sa nasusulat na Salita ng Diyos.

²⁰ Ngayon, ang tao, sa karnal niyang kalagayan at pag-iisip niyang hinuha, lagi niyang inililigaw ang sarili palayo mula sa Diyos. Kung papaano 'yun, mula sa pasimula, na ang tao ay may paghahangad na makita ang kabilang bahagi, pero hayan nga't siya'y nagagapos sa bilanguang ito. Minsan isinasadlak siya roon ng tradisyon ng tao, na tinuturuan siya ng tradisyon ng iba't ibang seremonya't motibo kung paano raw sumamba. At inilalagay niya ang tao sa ilalim ng pagkaalipin, sa ilalim, ng kanyang tradisyon. At ganoon na 'yun mula pa sa pasimula ng mundo. Ganoon na sa tuwina. At tuloy siya'y ikinukulong doon sa loob ng—loob ng bilangguan.

²¹ Pero may paghahangad nga ang tao na masilip ang kabila. At anumang katiting na bagay na tila mukhang may pagkasobrenatural, haya't nagkakandarapa ang tao, dahil mistula 'yung pangako na tumawid dun sa hangganan, lumampas dun sa ibayo ng landas. At kung ano ang nagbubunsod sa tao na maging ganun ay dahil siya'y nilikha sa larawan ng kanyang Manlilikha, ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Nilikha siya para maging mananamba ng Diyos, at kinakailangan ng tao na makahanap ng paglalaanan ng pakiramdam na 'yun.

²² At 'yan po ang layunin natin dito sa araw na ito, sa umaga pong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, ang mailahad sa inyo ang tunay na Ebanghelyong Katotohanan. Wala kasing nakalagag maski sa kahit sino pang tao, sa kahit ano pang organisasyon, sa kahit na ano pang pundasyon; doon lamang sa Ebanghelyo, payak na mga Katotohanan ng Biblia. Naniniwala ako na Ito ang nasusulat na Salita ng Diyos. Pinaniniwalaan ko Ito nang buong kaluluwa ko, puso, diwa, at pagkatao. At 'yan po ang gusto kong ilahad dito, sa munti nating siyudad dito sa araw na ito, sa dakila't kamangha-manghang bagay na ito na nakikita kong nangyayari sa buong palibot ng mundo sa loob nitong nakalipas na sampung taon.

²³ Sinikap natin, nang maraming beses, na magdaos ng mga gawain, mga gawain ng pagpapagaling, sa siyudad; di dahil sa tingin ko ay wala akong mga kaibigan dito. Mangyaring, may mga kaibigan ako. At kayo'y mga kabigan ko, at iniibig ko kayo. Pero 'yung kaisipan na tahanan ang lugar na ito, kung saan ako lumaki. Ito po ang lugar ko, kung saan lahat ng tao'y kilala ako rito, at kaya naman napaka hirap. Dahil, siya nga ring sinasabi 'yun ng Kasulatan, na, "Sa sarili mong bayan, o sa kalagitnaan ng sarili mong kababayan," at kung ano pa, ay mas mahirap ilahad ang Ebanghelyo. Ganoon po 'yun, sa lahat ng mga kapanahunan, at maging ito rito ngayon ay hindi iba.

24 Pero, naniniwala ako, nang buong puso ko, na ipahihintulot ng Diyos na idaos natin ang gawaing ito sa umagang ito gaya ng hiniling natin sa Kanya na ibunsod. Ngayon, naniniwala ako na gagawin nga Niya. Kung kaya po, sa Kanyang kalooban, sa pamamagitan ng Kanyang dakilang Presensya at Kanyang higit na kapangyarihan, ang ibig sabihin nga nun ay narito Siya sa ating kalagitnaan. At tunay na kahanga-hangang panahon, ang umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, na masumpungan ang Panginoong Jesus na lumalakad kasama ang mga kalakalihan, lumalakad dito, bilang di-mapamamalian, di-mapasusubaliang patunay na Siya ay nagbangon mismo mula sa patay.

25 At 'yan po ang aking ipinaglalaban, 'yan ang ipinaglalaban ko sa tuwina, na si Jesus ay di patay. Siya'y buhay, buhay na buhay ngayon, at sa hinaharap man, nang kailan-kailanpaman. At kung ibubunsod lamang sa atin ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, naniniwala ako, na sa umagang ito, na amin pong mapapatunayan sa inyo, nang walang anino man ng pagdududa, sa pamamagitan ng tulong ng Espiritu Santo, na si Jesus ay tunay ngang nagbangon mula sa patay, at nabubuhay mismo ngayon dito sa araw na ito, nabubuhay mismo rito sa gusali, sa piling natin. "Hanggang sa katapusan ng mundo." Ipinangako Niya 'yan.

26 Ngayon, ang tao, sa kanyang karnal na gawi, sa una ay nagtatayo siya. . . Mapapansin nga natin 'yan na ang tao, na may taglay na magandang layunin, ay sinusubukang dalhin ang Ebanghelyo sa isang kredo, sinusubukang sabihin, "Buweno, magpupunta tayo sa iglesya." Mainam naman 'yan. At taglay ang magandang layunin, ay sasabihin, "Magkakaroon tayo *rito* ng seremonya ng—ng deklarasyon ng kredo. Uusalin natin ang mga panalangin na ito. Ganito ang gagawin natin." Subalit ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo ay higit pa sa mga kredo, higit pa sa denominasyon. Gayong, ang mga 'yan ay kay iinam, at ang mga layunin ay mainam din naman, pero di po 'yan ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo.

27 At 'yun ang pinaka mahalagang bagay na tinutugaygay natin, sa umagang ito, ang di-mapasusubaliang patunay na si Jesus ay nagbangon mula sa patay.

28 Ngayon, gaya ng sinasabi ng ating teksto, "Hindi nila Siya nakilala," at ganoon na ganoon din sa panahon ngayon.

29 Pero ang tao nga'y may paghahangad na makilala Siya. Sa mismong pagdatal ng kapanahunan, ang mga tao'y nag-aasam na makilala Siya. At sa teksto natin kaninang umaga, sa atin ngang. . . *Ang Aking Manunubos Ay Nabubuhay*, dun kanina sa maagang gawain ngayong Linggo, nakita natin dun si Job, siya nga'y matanda pa sa matanda, dun pa talaga sa pinaka umpisa, sa pinaka simula, na hinangad niyang makilala ang kanyang Manlilikha. Sa madaling sabi, ang sabi niya, "Kung magagawa

ko lang na pumaroon at kumatok sa Kanyang pinto at makipag usap sa Kanya!” Ganoon nga na ang puso ng tao ay nananabik sa ganoong mga bagay! At ngayon, matapos ang apat na libo, halos limang libong taon na nagdaan, at gaano pa kaya na sa panahon ngayon na ang puso ng tao’y naghahangad talaga na makaparoon at kumatok mismo sa Kanyang pinto, kumatok sa Kanyang pinto, at makilala Siya nang lubos!

³⁰ At ang kaso lang, ang mga tao, dahil sa mga tradisyon, ay binulag ang mga tao mula sa dakilang unang simulaing mga Katotohanan ng Kasulatan.

³¹ Ngayon, sinalita ni Jesus ang siya ring bagay na ’yun nung Siya’y narito pa noon sa lupa. Sabi Niya, “Kayo’y mga bulag na umaakay sa mga bulag.” Sabi Niya, “Kung ang bulag ay aakay sa kapwa bulag, hindi бага’t kapwa sila mahuhulog sa hukay?”

³² Ngayon, binabanggit nga riyang mga Cristiano o mga tagapagturo ng relihiyon na sila po’y “bulag.” Kita n’yo? Ang Diyos ay may pamamaraan ng paghahayag ng Kanyang Sarili sa mga tao, at pagbubunsod sa Kanyang Sarili na makilala ng mga tao. Pero, maraming beses, pinipigilan agad ng tradisyon ang mga tao bago pa man magkaroon ng pagkakataon ang Diyos na makadako sa kanila, na maihayag sana ang Kanyang Sarili. Kita n’yo? Nakukuha n’yo ba? Kita n’yo? Mga tradisyon! Oh, ganyan na ganyan nga sa panahon ngayon!

³³ Ngayon, ’yung mga tagapagturo na kinakausap noong araw na ’yun ng Panginoong Jesus, ay talaga pong mga orthodox. Sila’y mga aral na iskolar talaga. Sinusunod nila ang pinaka letra ng Salita, ng batas, hanggang sa pinaka letra; ni walang tuldok o kudlit, o ano man, na pinalalampas. At kinakailangan nilang panatilihin ’yun nang talagang eksakto.

³⁴ Kaya, ang nangyayari tuloy sa atin ay nagiging masyado na tayong perpekto sa edukasyon natin at sa kuro-kuro natin na naiwawaglit na pala natin si Cristo sa larawan. Tayo’y nalilihis palayo sa tunay na mga katotohanan.

³⁵ Ngayon, kaya, upang maihatid ang Katotohanan sa tao, ng Diyos, “Isinugo ng Diyos ang Kanyang Sariling Anak, pinaging katulad sa makasalanang laman,” at Siya’y ipinanganak dito sa lupa. At ’yun ang—ang kabayaran ng ating mga kasalanan, na inialay noong araw na ’yun ng Kal- . . . sa Kalbaryo, para alisin ang ating mga pagkakasala; at bigyan tayo ng kalayaan, at palayain tayo mula sa mga bilangguan na kinasadlakan natin.

³⁶ Ngayon, ang tao’y isang bilanggo. Sinabi ng Diyos na ang tao’y isang bilanggo, mismo, hanggang sa may isang bagay na mangyari dun sa tao. Gusto ko pong makuha n’yo ito ngayon. Na, bago itong isang bagay na ito, na tinatawag na bagong Kapanganakan, ay mangyari sa tao, ay hindi niya (sa anumang paraan, ano’t anumang) mauunawa, o mauunawaan kailanman ang Diyos, o magtaglay man ng kahit anong kaalaman tungkol

sa Diyos. Kahit salitain pa Ito ng Salita, di Ito maiintindihan ng kanyang kaisipan, dahil kaisipang-tao 'yun. Kinakailangan kaisipan ng Diyos ang nasa kanya, para maunawaan ang mga maka-Diyos na mga bagay-bagay. Kita n'yo? Kaya, lahat itong mga pagbabasa, lahat itong mga eskuwelahan, lahat itong mga pagtuturo, gayong kay iinam ng mga ito, mangyari ngang hindi pa rin 'yan ang tunay na alituntunin.

³⁷ Isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, ipinapangaral ang Ebanghelyo. Tama. Ang Ebanghelyo ang mabuting balita. Sa Isaias 61, sa inyo po riyon na inililista ang mga Kasulatan, ang sabi ng Diyos doon, nagwiwika . . . o si Isaias, pala, patungkol sa pagdating ni Cristo. Sabi niya, "Pinahiran Ako ng Diyos para ipangaral ang Ebanghelyo, para magdala ng mabubuting balita; at para palayain ang mga bihag, at buksan ang mga pinto ng bilangguan, at ibunsod ang mga bihag na magsihayo sila nang malaya." Ipinadala ng Diyos si Cristo para buksan ang mga pinto ng bilangguan ng tao na mga nakaupo sa dilim. At kung mapapansin n'yo 'yung—'yung tipo na sinabi Niya dun na, "palalayain sila," hindi mga mangmang ang tinutukoy. Kundi mga iskolar, ang mga nakapag-aral, na anupa't si Cristo ay dumating para palayain sila.

³⁸ Ngayon ginawa 'yun para maunawaan ng mumunting mga batang paslit. Nung dumating si Cristo . . . Sige't, ihalimbawa na lang natin, ngayon, na ang bawat isa sa inyo ay pinatawan ng sintensyang kamatayan. At nakaupo kayo roon sa loob ng bilangguan, na alam n'yo, na bukas ng umaga sa pagbubukang-liwayway, mamamatay kayo.

³⁹ At marami sa mga makasalanan, at malayo sa Diyos, ang nakaupo sa dakong 'yun sa umagang ito. Maraming mga tao, na tunay namang mababait na tao, ang nakaupo sa kalagayang 'yun sa umagang ito.

⁴⁰ Marami sa inyo, ay nakaupo rito na lipos ng kanser, may tumor, at pagkabulag. Ang ilan sa inyo, nakaupo sa lahat na ng uri ng mga kondisyon. Gayunpaman, isinugo ng Diyos si Cristo para buksan ang mga pintuan ng bilangguan, para palayain kayo. Sasabihin n'yo, "Ang sakit ba'y pagkagapos?" Opo.

⁴¹ Tahasang ipinaliwanag 'yun ni Jesus, noong sabihin Niya sa babaing kuba. Pinagaling Niya ang babae; ipinatong ang Kanyang mga kamay sa babae, at ang babae'y tumuwid ang tayo. At ang mga tao roon ay naghahanap ng kamalian, 'yun ngang mga tagapagturo. Ang sabi Niya, "Hindi бага't ang anak na babaing ito ni Abraham ay kinakailangan na makalagan, mapalaya mula sa pagkakangapos na ito na kinasadlakan niya, kay Satanas?"

⁴² Kaya, pumarito si Cristo na ating dakilang Manunubos para palayain ang mga lalaki't babae mula sa kasalanan, at palayain tayo mula sa ating karamdaman. Siya, noong Siya'y mamatay sa

Kalbaryo, “Sinugatan Siya dahil sa ating mga pagsalangsang; sa Kanyang mga latay ay tayo’y pinagaling.”

⁴³ Ngayon, ’yun po ang mabuting balita. Yun ang Ebanghelyo. Ang Ebanghelyo, nga’y, si Cristo’y namatay roon sa lugar ng makasalanan, na si Cristo’y humalili sa lugar ng taong lipos ng karamdaman. Humalili si Cristo sa lugar ng makasalanan. Humalili si Cristo sa lugar ng taong lipos ng mga alalahanin. Humalili si Cristo sa lugar ng taong lipos ng kahibangan. Humalili si Cristo sa bawat lugar, at pinalaya tayo mula sa lahat ng pagdurusa at lahat ng kasalanan na ibinunsod sa atin ng diyablo na masadlak tayo sa bilangguan. Dumating si Cristo para patawarin tayo, nang walang bayad. Ang lahat ng bagay ay walang bayad.

⁴⁴ Noong lumang panahon nung ang mga alipin, noong sila’y nasa pagka alipin, at sila’y mga alipin dito sa mga estado. Nung si Abraham Lincoln ay mamatay, para palayain ang taong itim, para bigyan siya ng mga karapatan na di na maging alipin pa kahit kailan, sila’y pinalaya nung magbubukang-liwayway, rin. Galak na galak sila dahil dun, yamang may pagkabatid na sila nga’y palalayain sa oras na sisikat ang araw. Ang ilan sa kanila na mga malulusog, na malakas ang pangangatawan, sila nga’y nagsipag-akyat pa ng bundok. Ang ilan ay umabot sa pinaka tuktok; ang iba sa kalahatian lang; ang iba sa ibaba lang. At nung ang araw ay unti-unti nang sumisilip, ’yung malalakas sa kanila ay naroon sa taluktok.

⁴⁵ Inihahalintulad ko nga ’yan sa panahon ngayon sa mga matitikas na malalakas na mga Cristiano na umahon patungo roon sa dako ng Espiritu Santo; hayan nga sila na tumahak sa daan sa ilalim ng pag-aaring ganap; hayun sila na mga naroon sa ibaba sa libis ng pagkalito.

⁴⁶ Nagsiahon sila. At nung ’yung mga naroon, sa itaas, ay masilayan na nila ’yun, unang-una, doon sa itaas na itaas. At nung masilayan na nila ’yung pagsikat ng araw, sumigaw sila na nangibabaw nang malakas ang kanilang tinig, na umabot hanggang dun sa mga nasa gawing ibaba nila, sabi, “Malaya na tayo!”

⁴⁷ At nung marinig ’yun ng mga nasa gawing ibaba, haya’t sila man ay sumigaw din at humiyaw sa mga iba pa, “Malaya na tayo!”

⁴⁸ At ’yung iba pa, na nasa mas ibaba, ipinaliwanag nila ’yun sa iba pa, “Malaya na tayo!”

⁴⁹ Ngayon tingnan n’yo. Sila na naroon sa ibabaw ng burol ay natanaw nila ang araw, kaya ibig sabihin malaya na sila. Pero nung ang balita na ’yun ay nakaabot dun sa tao na naroon sa libis, ang tao ngang ’yun ay malaya na kung tutuusin, sumikat man ang araw o hindi pa. Nakikita n’yo ba?

⁵⁰ Dumating si Cristo para palayain ang mga bihag. Hindi ka dapat mahila-hila pababa ng mga gawing 'yan, na kalahating-Cristianong pamumuhay. Hindi ibig ng Diyos na masadlak ka sa ganyang direksyon. Ang gusto Niya'y malaya ka. Pinahiran ng Diyos si Cristo para ipangaral ang kalayaan, para buksan ang mga pintuan ng bilangguan. At sa tuwing ikaw . . .

⁵¹ Sabihin na lang natin na nakaupo ka roon, at pinatawan ka na ng sintensyang kamatayan. Haya't malalaman mo na lang, bibitayin ka na pala nila, o papatawan ng kamatayan sa kung anong paraan. At bigla na lang, makakarinig ka ng isang tao na paparating sa daan, nagsasabi, "Sandali lang! Hawak ko ang pagpapawalang-sala. Di mo kailangang mamatay." Ngayon, di mo nga kailangang maghintay pa na makalabas ka muna ng bilangguan. Malayang-malaya ka na mismo sa puntong 'yun kung papaanong malaya ka na sa paglabas mo. Kaya 'yung tao na 'yun ay puwedeng magalak, sa pagkakaupo niya sa loob ng bilangguan, na gaya ng nakalabas na siya mula sa bilangguan, basta't may pagkaalam na siya na ang pagpapawalang-sala ay nalagdaan na.

⁵² Ganyan din ito sa umagang ito. Heto nga ito! Sa bawat lalaki at babae na may nagugutom na puso, na lumabas mula sa mga piitang 'yan sa umagang ito, ang mabuting balita ng Ebanghelyo'y ipinapangaral na. At walang kinalaman, kayo man ay may karamdaman pa rin, kayo man ay nakaupo riyan na nagagapusan pa, kayo nga'y malaya na kung sa malaya dahil ang balita'y dumating na, "Pinawalang-sala na kayo!" Si Cristo'y nagbangon, labing-siyam na raang taon na halos ang nakararaan, sa umagang ito, para palayain ang bawat bihag, binuksan ang mga pintuan ng bilangguan at pinalabas sila. Oh, grabeng kamangha-manghang bagay!

⁵³ Di na nga nakapagtataka na ang makata ay napukaw nang lubos nung marinig niya 'yun! Nilukuban siya ng inspirasyon. Sabi niya:

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala;
[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . nang walang bayad kailanman;
Balang araw Siya nga ay darating, Oh araw na walang kasing ningning!

⁵⁴ Ang pag-asa ng mananampalataya ay ang antabayanan ang ikalawang Pagdating, ng dakilang Prinsipe na ito na Siyang nagbukas ng mga pintuan ng bilangguan at nagpalaya sa atin. Ang pagkakautang ay binayaran na. Binayaran nang lahat. Ang Diyos at ang mga makasalanan ay ipinagkasundo na nang magkalakip sa Kalbaryo, noong si Jesus ay mamatay. At Siya'y

ibinangon ng Diyos sa ikatlong araw, para sa ating pag-aaring ganap. Na, na sa ating pagtanaw roon at pagsampalataya rito, at pagtanggap natin dito nang buong puso natin, inaring ganap tayo sa harapan ng buhay na Diyos. Tunay na pupukawin nito ang damdamin n'yo! Tunay na ibubunsod ka nito na magalak! Papaano mo mapipigilan ang sarili mo na sumigaw? Papaano mapipigilan ng tao, yamang nalalaman niya na nakatambad na ang kamatayan sa harapan niya, at hetong dumarating ang pagpapawalang-sala? Siyanga.

⁵⁵ Ano sa palagay n'yo ang pakiramdam ni Barrabas nung umagang 'yun, mula nung marinig niya ang mga Romano na parating at 'yung malalaking. . .mula sa palko? Habang 'yung malalaking bakal na mga bota'y yumayabag, ang mga tanikala ay kumakalansing, 'yung sibat ay kumakaladkad dun sa daan; yamang nalalaman niya na malapit na siyang ipapatay, at 'yung. . .nung buksan niya 'yung pinto! At si Barrabas, hayun nga't nanginginig at umiiyak, parang gusto ngang magtatakbo palabas, sasabihin na sanang, "Oh, ito na ang katapusan ko!"

Sabi, "Barrabas, nabasa ko na, 'Pinapawalang-sala ka na, malaya ka na.'"

"Aba," sabi niya, "di ba ako mamamatay?"

Sabi, "Hindi. Hindi ka mamamatay."

"Buweno, ano bang dapat kong gawin para makamit 'yan?"

"Wala."

"Buweno, papaano 'yun nangyari?"

⁵⁶ Pagkatapos nga'y inalalayan siyang tumayo ng senturyon at pinabaling sa paligid, nagsabi, "Nakikita mo ba ang Lalaki na 'yun na nakapako sa krus sa ibayo? Nakikita mo ba ang mga dura ng panunuya sa Kanyang mukha? Nakikita mo ba ang mga sugat sa Kanyang kamay? Dapat sa iyo 'yun, pero kinuha Niya ang lugar mo."

⁵⁷ Binuksan Niya ang pintuan ng bilangguan para sa inyo, para kayo, na hinatulang mamatay, ay humalili Siya sa lugar n'yo. At nung umaga ng Araw ng Pagkabuhay, ibinangon Siya ng Diyos para sa ating pag-aaring ganap. Haya't, inaring ganap tayo. Yamang sinasampalatayanan natin ang kasaysayang 'yun at tinatanggap 'yun, ang kapayapaan ng pag-aaring ganap ay dumaluyong patungo sa ating puso, na parang di maarok sa lalim na along dumadaluyong, ganoon nga ang mga alon ng Kanyang pagka-Siya.

⁵⁸ Hindi tayo pinabayaan ng Diyos na mawalan ng kaaliwan. Nalalaman Niya na Ito'y pagbubuhul-buhulin, sa mga araw na parating; dahil sa mga tagapagturo, at kung sinu-sino pa, sa Salita, kung papaano nga nila Ito hahaluan ng kung ano. Pero Siya nga'y nagsugo ng direktang Mensahero kalakip Nito,

ang Espiritu Santo, na siyang pagpapatibay ng pagkabuhay na mag-uli.

⁵⁹ Kung walang Espiritu Santo na magpapatibay Rito, kung ganoon ay di ko masasampalatayanan ang pagkabuhay na mag-uli; wala nga akong makakamit kundi teolohiya lamang; o wala nga akong tataglayin kundi pangkaisipang hinuha lang. Pero, ngayon, di na natin kailangan ng . . . Ayos lang naman ang pangkaisipang mga hinuha; ayos lang din naman ang teolohiya. Pero may direktang saksi na tayo. Ang Espiritu Santo ang saksi ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus. Mali lang talaga ang pagkakaunawa ng tao sa panahon ngayon, sa ating panahon! Maling-mali ang pagkakaunawa, pero 'yun nga ang ating pag-asa!

⁶⁰ Nung ibigay Niya ang huling atas doon, nung sabihin Niya, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ninyo ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Sinuman ang manampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; at ang hindi manampalataya ay mapapahamak. Ang mga tanda na ito ay lalakip sa kanila na mga nagsisisampalataya: Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng masasamang espiritu, makapagsasalita sila ng bagong mga wika; makahawak man sila ng ahas o nakamamatay na bagay, di sila mapapahamak; magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila’y magsisigaling.” “Ang mismong mga bagay na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo, anupa’t higit pa sa mga ito, sapagkat Ako’y patutungo na sa Aking Ama.”

⁶¹ May magsasabi, “Kapatid na Branham, abot ba mapasa hanggang ngayon ang dakilang atas na 'yun?”

⁶² Mismo. Gaanong katagal? “Hanggang sa buong mundo.” Sa ilan? “Sa bawat nilalang.” Hayan nga. Ang sampalatayanan Ito, ay Buhay na Walang Hanggan, ang tanggapin Ito.

“Bakit ko naman sasampalatayanan Ito?” sasabihin n’yo marahil.

⁶³ Dahil, ito ang Salita ng Diyos. Ganoon nga. Hindi binabawi ng Diyos ang Sarili Niyang Salita. Minsan na sinalita ng Diyos ang isang Salita, tunay na mananatili Siya Roon. Ako nga’y nakapagbibitiw ng isang salita, at binabawi ko 'yun; maging kayo ay ganoon din. Pero hindi ganoon ang Diyos. Kapag Siya ang nagbibitiw ng isang Salita, Siya’y mananatili’t mananatili Roon. At yamang sinasalita Niya ang mga Salitang 'yun, kaya isinasaalang-alang ng Diyos ang Kanyang Salita.

⁶⁴ At kaya ang pagkabuhay na mag-uling 'yun ay maging sa panahon ngayon ay napaka importante, at talagang totoong-totoo sa bawat puso ng tao na sumasampalataya rito, kung papaano nga 'yun noon kina Maria Magdalena’t sila na mga nakatayo noon sa tabi ng libingan noong umagang 'yun, na mga nakakita sa Kanya. Heto nga Siya, at doon ay tinawag ang

pangalan ng babae, “Maria.” At ang babae’y tumingin dun sa paligid at nagsabi, “Rabboni,” o, “Guro!” Yun nga’y totoong-totoo sa bawat puso sa umagang ito, na mga naipanganak nang muli sa Espiritu ng Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, kung papaano nga ’yung realidad sa babaing nakatayo noon sa tabi ng libingan nung umagang ’yun.

⁶⁵ Ngayon, hindi mo nga kayang ipangyaring realidad ’yun sa sarili mo lang na pag-iisip. Hindi mo magagawa. Parang ang ginagawa mo lang dun ay pinipilit mong magtapal ng papel sa isang gusali, o pinturahan ’yun, gayong ang lagay ng gusali ay mapanganib na’t, ’yung pundasyon ay idineklara nang di na angkop pagtayaran.

⁶⁶ Kung idineklara na ng gobyerno na ang isang bagay ay di na angkop tirhan, na ’yung mga pundasyon ay bulok na, paano ka pa makapagtatayo sa ibabaw nun ng bahay? Nagtatayo ka lang para gumuho. Kahit na gaano pang pagpipintura ang gawin mo sa loob nun, gaano pang kagandang papel ang itapal mo roon, gaano pang karaming yero ang ipatong mo sa ibabaw nun, gaano pang karaming dambana ang itayo mo roon, gaano pang karaming krusipiho ang ilagay mo roon, guguho’t guguho ’yun, dahil mali ang pinaka pundasyon. Bulok ang pundasyon.

⁶⁷ At ang tao, sa sarili niyang paraan ng hinuha ng pag-iisip, ay maling-mali na sa pasimula pa lang. Siya’y maituturing na dayuhan sa Diyos. Ang tao’y inilayo’t, walang kapaga-pagasa, walang Diyos, walang kaawaan.

⁶⁸ At ang tanging bagay na magagawa niya ay ang dumulog at tanggapin si Cristo. At pagkatapos ang Espiritu Santo ay lulukob, at ang kaisipan ni Cristo ay mapapasa inyo.

⁶⁹ Ang sabi ni Jesus, “Ang Ama, na nagsugo sa Akin, ay kasama Ko.” Oh, ang ganda! Grabeng deklarasyon! Grabeng pahayag! “Ang Ama, na nagsugo sa Akin, ay humahayong kasama Ko.”

⁷⁰ Pakinggan n’yo! “At sa kung papaanong isinusugo Ako ng Ama, ay gayundin na isinusugo Ko kayo.” At di lang Niya kayo isinugo, haya’t Siya pa nga’y sumama mismo sa inyo. “Ako’y kasama ninyo, at sasainyo, hanggang sa dulo ng sanlibutan.” Ang lahat ng nasa Diyos ay isinalin kay Cristo; at ang lahat ng nakay Cristo ay isinalin nang buong-buo sa mananampalataya, ang Iglesia. Ang Diyos ay kasa-kasama n’yo. “Narito, Ako’y kasama ninyo kailanman, hanggang sa katapusan ng mundo.” Yun ang deklarasyon ng Salita ng Diyos. Yun mismo ang sinasabi ng Biblia. Yun ang sinasampalatayanan ko.

⁷¹ At kahit na mag-isa nating titindigan ito, haya’t tindigan natin, dahil ito ang Salita ng Diyos. Bawat tao nga’y may punto siya na mararating, na kinakailangan niyang manindigan, nang mag-isa, sa sarili niyang paninindigan. Walang sosyo-sosyo. Isa lamang ang Siyang lalakad dito na sasama sa inyo, at Siya lang ’yun na nagbitiw ng pahayag na ito. Ang Panginoong Jesus,

Siya Mismo ang tatahak sa libis na 'yun kasama n'yo. Kanya mismong tatahakin ang bawat sukat at aakyatin ang bawat bundok, habang nakatabi sa inyo.

⁷² Makipamatok kayo sa Kanya. “Sapagkat ang pamatok Ko’y magaan, at ang mga pasan Ko’y malambot.” Huwag na huwag kayong makikipamatok sa mga bagay ng sanlibutan. Huwag na huwag kayong makikipamatok sa iba’t ibang mga sosyedad at mga organisasyon. Doon lamang kayo makipamatok at wala nang iba sa Panginoong Jesus Cristo, ’yan nga ang kaayusan na magagawa n’yo. Manampalataya, at tanawin ang pagkabuhay na mag-uli.

⁷³ Ngayon, ang mga alagad na ito, hayan nga sila na mga kalalakihan na naroon lumakad noon kasama si Jesus, na sila pa nga’y nagkaroon ng pakikipagbuklod sa Kanya, lumakad mismo sa natural, gaya ng paglakad ng mga tao sa panahon ngayon. Pero bigo silang makilala kung sino Siya.

⁷⁴ Sabi ni Jesus, “Mga bulag na Fariseo.” Sabi Niya, “Oh, inyo ngani ibinubunsod ang mga utos ng Diyos,” pansinin, “at niwawalang kabuluhan ang mga ito, dahil sa inyong mga sali’t saling mga tradisyon.” Kita n’yo?

⁷⁵ Hayon nga sila roon, mga tagapagturo, mga iskolar, mga estudyante ng seminaryo! At tahasang sinasabi ng Kasulatan na si Jesus ay darating sa paraan mismo ng pagdating Niya, pero mangyaring iba ang pagkakaturong ng kanilang mga sali’t saling tradisyon patungkol Dito. Pilit nilang binubura Ito, at sinasabi, “Para *Iyan* sa ibang nagdaang panahon. At *Ito* nama’y para sa ibang panahon na parating.” Pero dumating nga ang Diyos sa isang paraan na ’yun.

⁷⁶ At, ngayon, gaya nga nung una, ay ganun din sa panahon ngayon. Isinasantabi nila ang isang bahagi *rito*, sa isang tabi, at ang isang bahagi *rito* sa isang tabi rin, at sinasabi, “Nagawa na ’yun ng Diyos noon; hindi na Niya gagawin pa ngayon. Hindi ’yan para sa panahon na ito ngayon.”

⁷⁷ “Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at kailanman.” Yan po ang Kasulatan. Yan mismo ang sinasampalatayanan natin na Katotohanan. Yan ang tinatanggap natin na Katotohanan. Siya’y sa siya pa ring prinsipyo. Siya nga’y sa siya pa ring kapangyarihan. Siya’y sa siya pa ring Pag-ibig. Siya’y siya pa rin sa lahat ng paraan kung papaano Siya noon. Ngayon Siya’y dumating kasama ang Iglesya, gaya ng isinugo Siya noon ng Diyos at humayong kasama Siya. Kaya . . .

⁷⁸ At ibinangon Siya ng Diyos. Kung hindi Niya kasama ang Diyos, haya’t di nga Niya Siya maibabangon sa ikatlong araw. Kaya, ang Ama na nagsugo sa Kanya, ay laging kasama Niya, inilibing dun sa libingan kasama Siya, at ibinangon Siya nung ikatlong araw.

⁷⁹ Ngayon, “Kung papaanong isinugo Ako ng Diyos,” ang sabi Niya, “gayundin na isinusugo Ko kayo. Ako’y kasama ninyo, sasa inyo, sa tuwina, hanggang sa katapusan ng mundo.” Doon sa pagkabuhay na mag-uli, kapag ang Araw ng Pagkabuhay nati’y dumating na, Siya’y mapaparoon gaya ng kung papaano na ang Diyos noong umaga na ’yun ng Araw ng Pagkabuhay, ay ibinangon Siya mula sa patay!

⁸⁰ Ngayon, bilang simbolo dun, Kanyang iprinesenta ito. Bago magkaroon ng pagkabuhay na mag-uli, kinakailangan na may kamatayan muna. Dahil, kinakailangan na narito ang isang bagay na ’yun, pagkatapos ay lilisan at manunumbalik, para maituring na pagkabuhay na mag-uli. Ang ibig sabihin nga’y “maibalik.”

⁸¹ At bago maibangon ang tao sa pagkabuhay na mag-uli kasama si Cristo, kinakailangan na ang taong ’yun ay mamatay muna, sa kanyang sarili; mamatay mismo, sa lahat ng kanyang maka-mundong mga kaugnayan; mamatay mismo, sa lahat ng kanyang maka-mundong mga gawi; mamatay mismo, sa lahat ng mga bagay na di maka-Diyos; at mabuhay na mag-uli, na nabago na.

⁸² Pagkatapos, ang lubos na pagbubuhos ng Espiritu Santo, ang lubos na pagbubuhos ng Kanyang Sarili; at ang pagdating, mismo, ng Espiritu Santo, na pinupuno ang lugar. Pagkatapos nga’y ang tao’y isa nang nagpapasakop na sumasampalataya sa Diyos. Pagkatapos ay makikita na niya ang nakikita ng Diyos. Hindi na niya nakikita ang nakikita ng mga tagapagturo. Hindi na niya nakikita ang nakikita ng mga miyembro ng iglesia. Ang nakikita na niya’y ang nakikita ng Diyos. Pagkatapos ay makikita na niya na si Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at kailanman. Pagkatapos ay makikita niya ang kapangyarihan ng Diyos na ganoong kadakila mapasa hanggang ngayon kung paano nga Ito noon.

⁸³ At sa kanyang lumang karnal na kondisyon, magagawa n’yo nga na bigyan siya ng edukasyon, linangin siya, ipaging iskolar siya. Siguro’y mailalagay siya nun sa pinaka mainam na mga simbahan, maibibigay sa kanya ang pinaka mainam na mga upuan, pinaka mainam na mga miyembro. Pero hindi nga siya mapagpapabago hangga’t mamatay muna siya, pagkatapos ay maibangong mag-uli na nabago na. At ang Espiritu Santo na tumawag sa kanya, at nagsugo sa kanya, ay sasakanya mismo, hanggang sa katapusan man ng panahon. Amen. Oh, alam ko na kagulat-gulat ito, pero ’yan po ang Katotohanan.

⁸⁴ Kaya, kung ganoon na si Cristo ay nasa atin na ngayon, haya’t gagawin Niya ang siya ring mga bagay noong narito pa Siya noon sa lupa. Kung ang Panginoong Jesus ay ibinangon mula sa kamatayan ngayon, at nabubuhay na sa kalagitnaan natin, at nagsabi, “Ang siya ring mga bagay na ginagawa Ko,

ay gagawin din naman ninyo, dahil Ako'y sasainyo hanggang sa katapusan ng mundo." Kung ganoon, may isang paraan lamang para mapatunayan kung Siya ba'y ibinangon mula sa patay. Yun nga'y, kapag, ang Iglesya'y sumampalataya roon, haya't mapagkikilanlan si Cristo sa Mismong Sarili Niya sa Iglesyang 'yun sa pamamagitan ng siya ring kapangyarihan Niya ng pagkabuhay Niyang mag-uli. Marapat lamang, mga kaibigan.

⁸⁵ Alin lamang ito sa Salita ng Diyos o mandarayang Aklat Ito. Ganoon nga. Ito'y tama o Ito'y mali. At Ito'y tama lahat o mali lahat. Bawat Salita ay kinasihan o ang buong Ito'y hindi kinasihan. Haya't inibig kong sampalatayanan Ito.

⁸⁶ Sabi ni Pablo, "Hindi ako naparito para mangaral sa inyo ng mga salitang panghikayat at karunungan ng tao; dahil, kung ganun ang ginawa ko, ang pananampalataya n'yo ay nakatag sa ibabaw ng karunungan ng tao. Pero pumarito ako sa inyo, na ipinapangaral ang Ebanghelyo ng Kapangyarihan ng Diyos, ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus, para ang pananampalataya ninyo ay matatag." Hindi pumaroon si Pablo na ang dala ay kung anong karanasan sa seminaryo, para kung anu-ano ang kakalikutin, at magbabawas at magdaragdag.

⁸⁷ Ang sabi niya, "Pumarito ako na isang bagay lamang ang nalalaman; na si Cristo'y napako sa krus. Naparito ako na isang bagay lamang ang nalalaman, na ipinapangaral sa inyo ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, na si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At sa Mga Taga-Galacia 1:8, sabi niya, "Kung may anghel na mangaral ng iba pa, siya ay matakawil, yamang ganyan ang ipinapangaral sa inyo." Ganoon nga.

⁸⁸ Ngayon, Siya ba'y bumangon? Naparito tayo sa umagang ito na tinatanong ang tanong na 'yan. Siya ba'y bumangon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

⁸⁹ Ngayon, ngayong araw na ito, marami ang inusual na mga seremonya, sa buong mundo. At nagsisitungo sila roon na may malalaking . . . ang iba sa kanila'y may mga rosaryo, gamit 'yun habang umuusal. Nasa sa kanila na 'yun. Ang iba nama'y nag-iikot, ipinagmamalaki ang malaki't tanyag na denominasyon na kinabibilangan nila. Nasa sa kanila na 'yun. Ang iba nama'y nagsisipagsabit ng mga krus, at may mga piyano't mga organ pa, at naggagandahag mga gusaling-sambahan, at sinasabi, "Tingnan n'yo itong mayroon kami! Aba't ang pinaka maiinam ng siyudad ay dumadalo sa simbahan namin." Ayos lang 'yan. Nasa sa kanila na 'yun.

⁹⁰ Pero wala akong ibang nalalaman kundi ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus; 'yun ma'y sa isang kamalig, o sa isang sabsaban, saanman 'yun. Wala nga akong ibig na iba pang nalalaman sa kalagitnaan n'yo kundi ang pagkabuhay na mag-uli. Hindi ko gustong marinig kung gaano kayong kainam;

dahil di naman kayo mainam, kung tutuusin. Di tayo mainam, sa simula't sapul. Isang bagay lang talaga ang iniibig kong malaman, ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus, na naroon mismo sa puso ng tao. Kaya naman, kung si Cristo'y namatay, oo't, hindi patay, bagkus nagbangong mag-uli, kung ganoon Siya'y kasama natin. Kung kaya't, ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noong narito pa Siya noon sa lupa, Siya nga'y obligado na ipakita 'yun muli, ayon sa Kanyang Salita. Siya nga. At kapag ang bagay na 'yun ay maipakita muli sa ibabaw ng lupa, ang siya ring bagay . . .

⁹¹ Ngayon, nung Siya'y maparito nga noon, hindi ba't hindi naman Niya inangkin ang sarili na dakilang tagapagpagaling. Siya nga't hindi ba? Ang sabi Niya hindi Siya tagapagpagaling. Ang sabi Niya, "Wala Akong ginagawa sa ganang Sarili Ko. Hindi Ko ginagawa ang isang bagay maliban na makita Ko ang Ama na ginagawa 'yun; at 'yun ang gagawin ng Anak."

⁹² Dumaan Siya noon sa tubigan ng Betesda, kung saan ang malaking kalipunan ng mga tao'y nakaratay roon, pilay, bulag, lumpo, pingkaw, namimilipit, luoy, naghihintay na gumalaw ang tubig. At heto na parating si Emmanuel, hetong paparating si Jesus, na ang damit ay punung-puno ng bisa.

⁹³ May babae na humipo sa Kanyang damit, ilang araw bago 'yun, at haya't pinagaling nang buo't lubos. Hinipo Siya nung babae, at pagkatapos 'yung babae'y lumayo na't humalo dun sa madla't naupo, o kung ano man. Huminto si Jesus, at tumingin sa paligid. Sabi, "Sino ang humipo sa Akin?"

⁹⁴ "Aba," sabi, "sandali lamang po, Guro! Ang lahat nama'y napapahipo sa Iyo."

⁹⁵ Sabi Niya, "Oo, pero Ako'y—Ako'y nanghina." Sabi Niya, "May bagay na nangyari."

⁹⁶ At tumingin Siya sa paligid, tumanaw sa madlang naroon, hanggang sa makita niya ang babae. Sabi Niya, "Ngayon pinagaling ka na ng pananampalataya mo mula sa pag-aagas ng dugo na 'yan." Kita n'yo? Ang pananampalataya ng babae'y humipo sa Kanya.

⁹⁷ Hayun nga si Jesus ng kahapon. Yan pa rin si Jesus mapasa hanggang ngayon. Yan na 'yan din si Jesus magpakailanman. Hangga't may pangangailangan ng kagalingan, ay may Jesus mismo na nagpapagaling. Hangga't may makasalanan na dapat iligtas, ay may Jesus mismo na nariyan para magligtas Siya. Hayun nga Siya.

⁹⁸ Nung dumaan Siya sa makapal na madlang naroon, haya't sumadya sa isang dako't pinagaling ang lalaki na nakaratay sa papag, lumakad palayo at iniwan siya. Aba, ang mga alagad, ng mga Judio, sabi nila, "Aba, tingnan n'yo nga naman, tingnan n'yo ang madla! Bakit di Siya nagtungo sa isang dako rito at pinagaling ang isang *ito*? O di sana'y maniniwala ako." At kung

anu-ano pa, kinuwestiyon nila Siya. Nakita kasi nila 'yung lalaki na binibitbit na nito ang kanyang papag, nung araw na 'yun ng sabbath.

⁹⁹ Sabi Niya, “Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, walang gagawin ang Anak sa ganang Sarili Niya.”

¹⁰⁰ Nakikita n'yo ba kung kanino Niya ibinibigay ang lahat ng papuri? Ang tunay na Espiritu ng Diyos ay ganoon mismo ang siya ring gagawin. Ibinibigay Nito ang papuri sa Diyos, sa lahat ng pagkakataon.

¹⁰¹ Sabi, “Di gagawa ang Anak sa ganang Sarili Niya. Bagkus ang makita Kong ginagawa ng Ama, 'yun ang mga bagay na gagawin Ko. Gagawa ang Ama ng isang bagay, at ipakikita Niya 'yun sa Akin, at 'yun mismo ang gagawin Ko.”

¹⁰² Kung ganoon si Jesus noon, marapat lamang na ganoon si Jesus sa panahon ngayon. Ganoon nga.

¹⁰³ Tumayo Siya roon sa kalagitnaan ng mga tao, at natatalos Niya ang iniisip nila. Talos Niya kung anong mali sa kanila. Tumanaw Siya sa Kanyang mga tagapakinig doon, nang ilang beses, at nagsabi, “Bakit kayo nagdadahilan sa inyong puso at nagsasabi ng iba't ibang bagay?”

¹⁰⁴ May babaing pumaroon sa Kanya sa may balon, isang beses, ang sabi Niya, “Dalhan mo Ako ng maiinom.”

¹⁰⁵ Sabi ng babae, “Aba't, hindi kaugalian para sa inyo na mga Judio na humingi mula sa mga taga-Samaria ng ganyan.” Sabi, “Wala tayong ganoong ugnayan.”

¹⁰⁶ Sabi, “Pero kung nakikilala mo lang kung Sino ang kausap mo ngayon, hihingi ka sa Akin ng maiinom.”

“Oh, ngayon,” sabi ng babae, “papaano—papaano naman 'yun mangyayari?”

At sabi Niya, “Humayo ka't dalhin mo ang iyong asawa.”

Sabi ng babae, “Wala akong asawa.”

¹⁰⁷ Sabi, “Tama. Naka-lima ka na.” At ang sabi, “Yang isa na kinakasama mo ngayon ay di mo rin asawa.”

¹⁰⁸ Sabi nung babae, “Ginoo, napagkikilala ko na isa Kang propeta.” Sabi niya, “Ngayon, batid ko na 'yan nga'y tanda ng Mesiya.” Sabi ng babae, “Alam ko na kapag dumating ang Mesiya, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito, pero Sino Ka?”

Sabi Niya, “Ako Siya, na nagsasalita sa iyo.”

¹⁰⁹ Hayan nga. Ano 'yun? Tanda ng Mesiya. Amen. Pansinin. At, doon nga'y, mali ang pagkakaunawa nila roon. Hindi nila naunawaan ang ibig sabihin nun. Binulag nun ang kanilang mga mata. Yung Kanyang mga himala't mga bagay-bagay ay binulag ang kanilang mga mata.

110 At ganoon din sa panahon ngayon. Ang siya ring mga bagay ay bubulag sa mga mata ng mga karnal ang pag-iisip, dahil di nun maunawaan ang mga bagay ng Diyos. Laban kasi 'yun sa Diyos. Kaaway 'yun ng Diyos. Kalaban ng Diyos ang kaisipang pantao. Kinakailangan mong makawala sa kaisipan mong 'yan na pantao, at maipanganak na panibago, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at tanggapin ang kaisipan ng Diyos sa inyo. At sa ganun ay masasampalatayanan n'yo ang mga bagay na 'yun. Haya't magiging realidad nga. Amen.

111 Ngayon pansinin n'yo, nung Siya'y narito noon, ang mga bagay na Kanyang ginawa. Nung papaalis na Siya, sinabi Niya sa Kanyang Iglesya, matapos ang pagkabuhay Niya na mag-uli, sabi Niya, "Narito, Ako'y kasama ninyo palagi, hanggang sa katapusan ng mundo." Ang mga mata nila'y nabuksan. Kanila ngang naunawaan 'yun.

112 Si Pedro at sila, sa harap nun; matapos na maging malapit na kabigan Niya, lumakad kasama Niya, kausap Niya. At sabi ni Pedro, "Oh, ako'y pinanghihinaan talaga ng loob! Matapos ang kamatayang 'yun, at inilibing na nila Siya roon. Ako'y—ako'y pinanghihinaan talaga ng loob. Sa tingin ko mangingisda na lang ako."

113 Mangyaring ang mga alagad ay nakatayo sa paligid, at sabi nila, "Sige sasamahan ka na lang namin." Kaya, yumao na sila, kinuha nila ang kanilang lambat. Pinanghinaan ng loob! Mga mananampalataya, minsan, kaisipang teolohiya lang. Sila nga'y nanampalataya rin naman, minsan, sa natural. Pero, nung ang munting pagsubok ay dumating, nagkadurog-durog mismo.

114 Ngayon, dito, di ko po gustong saktan kayo, pero gusto ko lang na maitama kayo. Kita n'yo? Ipinapakita lang n'yan na kapag ang taglay lang ng isang tao ay intelektuwal na pananampalataya, na nagsasabi lang, "Oo, 'yan nga ang Salita ng Diyos. Oo, naniniwala ako na ibinangon ng Diyos si Jesus sa araw na ito ngayon." Pagkatapos, kung, kung 'yan lang ang taglay n'yo. Kapag ang unang munting pagpapahina ng loob ay dumating sa inyong iglesya, layas ka na agad, lumalayas ka na agad. Kita n'yo? Sabihin na lang natin na kaibigan n'yo Siya, pero di n'yo Siya kilala talaga sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

115 Hindi na kailanman, pagkatapos ng Pentecostes, na ang mangangaral na 'yun, na si Pedro, ay sinabi ang bagay na tulad nun. Haya't nung naghahanda na silang patayin siya, handa na nilang ibitay siya sa krus. Sabi niya, "Hindi ako karapat-dapat na mamatay nang ganyan. Itaas n'yo ang paa ko; ang ulo ko ang nasa ibaba. Dahil, ang Panginoon ko'y namatay sa ganoong posisyon, na ang ulo Niya'y nakataas." Oo, hinding, hindi na kailanman. Kita n'yo? Noon ay kasa-kasama niya si Cristo, pero hayan nga't si Cristo'y naroon na mismo kay Pedro

nung panahon na 'yun. Si Pedro ang nasusunod pa nung una, at, pagkatapos nung dumating na ang Espiritu Santo, mangyaring ang Espiritu Santo na ang nangunguna. Nasa likod na lang si Pedro, at ang Espiritu Santo na ang nangunguna.

¹¹⁶ Ngayon kung may taglay kayong . . . Kung may magaling na mga pangangatwiran kayo, mauupo nga kayo at pipilitin n'yo na pangatwiran ang Biblia, mangangatwiran, "Papaano Siya babangon mula sa patay? Papaano maipangyayari ang mga himala't mga bagay-bagay na ito rito sa panahon ngayon, dito sa prestihiyosong daigdig ng sibilisasyon, ng siyensiya na atin ngang kinabubuhayan?" Haya't pilit mo ngang iginigiit 'yang pangangatwiran mo, inilalayo mo lang ang sarili mo mula sa Diyos, sa tuwina. Hinding-hindi mo Siya makikilala gamit ang pangangatwiran. Hindi nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng pangangatwiran.

¹¹⁷ Ang Diyos ay nakikilala sa pamamagitan mismo ng pananampalataya. Tinatangap n'yo 'yun. Sinasampalatayanan n'yo 'yun. Hinding-hindi mo nga 'yun magagawa maliban na may bagay munang mangyari sa inyo, pagkatapos paroroon na ang Espiritu Santo at nasa sa inyo na ang kaisipan ni Cristo.

¹¹⁸ Pansinin. Sila, buong magdamag silang nangisda, at wala silang nahuling isda. Talagang nakapanghihina ng loob! Nung kinaumagahan, maagang-maaga, sa gawain ng pagbubukang-liwayway, tumanaw sila sa may pampang, at nakatayo roon si Jesus. Pero di nila Siya nakilala. Yun ang nakakalungkot na eksena. Hindi nila Siya nakilala.

¹¹⁹ Isang gabi, 'yung munting lumang bangka ay malapit na noong lumubog, doon sa gitna ng dagat, sa unos. At hefo nga na papalapit dun ang kalugud-lugod na Panginoon naglalakad papalapit sa kanila. Sabi nila, "Oh, lumayo ka. Naku't isang multo. Aba'y nakakatakot. Ayaw naming magkaroon ng kung anong kinalaman Dito." Samantalang 'yun ang tanging Bagay na makatutulong sa kanila, hayun nga na malapit sa kanila, at kanilang kinatakutan Ito.

¹²⁰ At hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo na mga narito, sa araw na ito, na di pa nakatatanggap ng Espiritu Santo. Akin ngang napagtatanto, sa daigdig ng kaiglesyahan, napakarami nating pagkukunwari. Napakarami nating pagpapanggap na taglay natin ang Espiritu Santo, samantalang di naman pala nila taglay Ito. Ganoon nga. Mangyari ngang nangyayari 'yan maging diyan sa mga dako n'yo, rin, nag-aangkin na sila'y mga miyembro rin ng iglesia, at samantalang hindi. Ganoon nga. Mangyari ngang, kung may totoo, ay may hindi. Tandaan n'yo 'yan. Kung saan may negatibo, may positibo. Kung saan may pekeng dolyar, may tunay talaga. At kung may nagkukunwari at nagpapanggap na taglay raw nila ang Espiritu Santo, may totoo talagang Espiritu Santo. Alalahanin n'yo 'yan.

121 At 'yung mismong Bagay na tutulong sa inyo; ang siya mismong Bagay na magliligtas sa inyo; ang mismong Bagay na maglalabas sa inyo mula sa kinabibilangguan n'yong gawi, na maglalabas sa inyo mula sa bilangguan 'yan ng pagkatakot at ng kabalisaan; Bagay na mag-aalis ng kanser mula sa inyo at ibubunsod kayo na maging buhay na nilalang muli; ang Bagay na magbubunsod sa inyo na magbangon sa huling mga araw; ay nariyan nga na nakatayo malapit sa inyo, at kinatatakutan n'yo Ito. Huwag kayong matakot. Siya 'yan.

122 "Ako ito," sabi Niya. "Huwag kang matakot. Ako ito." Pero kanila ngang kinatakutan Yun; takot silang manghawakan sa Kanyang Salita para dun. Sabi Niya, "Ako...Huwag kayong matakot. Ako ito."

123 Tinanong ni Jesus kung may huli silang isda. Sabi nila, "Wala." Sabi, "Nagpagal kami nang buong magdamag." At hayan nga na nung makarating na sila ng pampang ay may isda na silang nasumpungan, luto't nakahain na roon para sa kanila. Napagkilala nila, sa pamamagitan ng himala na 'yun, na Siya 'yun.

124 May dalawa pa, habang tumatalilis sila sa daan patungong Emaus. Pakinggan n'yong maigi't magtatapos na tayo ngayon. Doon sa daan patungong Emaus isang araw, pagkatapos nung pagkabuhay na mag-uli, naroon 'yung dalawa; ang isa, si Cleofas, at isang kaibigan niya. Isang mainam na umaga ng sabbath gaya nito ngayon, pinaka unang Pasko ng Pagkabuhay na siyanga't napaka inam.

Pakinggan n'yo pong maigi ngayon, gunitain ang Salita. Humanda lang po.

125 At nung ginugunita nila ang unang Pasko ng Pagkabuhay, na nananamlay ang puso, pinanghihinaan ng loob dahil sa dumating na kabiguan.

126 Marahil may mga kalalakihan at kababaihan dito, ngayon, na ginugunita ang Pasko ng Pagkabuhay na sila'y may kung anong kabiguan, dahil may bagay na nangyari. Pero, tandaan n'yo lang, ang Panginoong Jesus ay bumangon na mismo mula sa libingan. Siya'y nabubuhay sa kalagitnaan ng mga tao.

127 Madalas po ito, nung nagi-eskuwela pa ako, pinag-aaralan namin dati roon ang botanya. Lagi ko ngang pinag-aaralan ang botanya. Ang botanya po, sa akin, ay di lang basta 'yung buhay ng halaman, na ganoon lang; na titingnan lang kung papaano tumutubo ang halaman, at kung papaanong kapag sumisikat ang araw, at iba pa. Ang botanya po, sa akin, ay 'yung Siya Na lumikha nun, ay ang Manlilikha na Siyang gumawa sa halaman na tumubo. Oh, napaka ganda nga nung mga bulaklak na 'yun ng Pagkabuhay! Tingnan n'yo po sila. Oh, ang gaganda! Yang naggagandahang mga bulaklak na makikita riyang sa paligid,

wala ngang kahit sino ang makatitingin sa harapan ng kahit isa roon at sasabihin na walang Diyos, at nasa tamang pag-iisip.

¹²⁸ At heto nga 'yung mga lalaki, talagang pinanghihinaan ng loob, pauwi na sa tahanan. "Buweno, anupa't gumayak na tayo. Ang iniisip natin ay mabuti ang kahihinatnan, pero heto nga na kailangan na nating umuwi ngayon, at, tumungo sa daan natin patungong Emaus." At sa paglalakad nila, na pinanghihinaan nang husto ang loob, sila . . .

¹²⁹ Napaka inam nung usapan nila. Ang pinag-uusapan nila ay tungkol sa Kanya. Dun nga'y lumitaw Siya.

¹³⁰ At 'yan ang dahilan kung bakit hindi Siya nagpapakita sa marami sa atin sa panahon ngayon, ang mga pinag-uusapan natin ay tungkol sa lahat ng mga bagay maliban kay Cristo. Ang lagi na lang nating pinag-uusapan ay kung kailan ba natin matatapos ang trabaho, o kung ano ba ang gagawin natin dito. Ibunsod n'yo na ang inyong pinag-uusapan ay si Cristo. Sa ganoon nga'y nagpapakita Siya, sa panahon na pinag-uusapan n'yo Siya. Siya dapat ang bukambibig n'yo.

¹³¹ At hayan nga't lumalakad na sila roon, pinag-uusapan ang tungkol sa Kanya. Mangyari ngang, iniibig nila Siya, di lang nila alam na bumangon na pala Siya mula sa patay.

¹³² At marami, ngayon, ang tunay na umiibig sa Panginoong Jesus, na naroon sa mga naglalakihang mga simbahan sa buong mundo, iniibig nila ang Panginoon, pero di nila nalalaman na nagbangon na Siya mula sa patay.

¹³³ Pansinin. Habang lumalakad siya, isang Estranghero ang lumitaw mula sa mga palumpong at binati sila ng, "Magandang umaga," marahil. At sila, na talagang lungkot na lungkot, ang damdami'y durog na durog, ang sabi'y, "Oh, iniibig ko Siya. Nasaksihan ko Siya na tumayo mismo sa harapan ng libingan ni Lazaro, gayong ang binatang 'yun ay patay na nang apat na araw, at nagsabi, 'Lazaro, lumabas ka.' Oh, papaano ngang ang Lalaking 'yun ay mabibigo? Papaano Niyang maibubunsod na kami'y biguin nang ganito? At heto kami ngayon na tinitii ang kahihayan at kadustaan? Uuwi na lang kami't maghahanda uli sa aming pangngisda't pagkakarpiro." Kita n'yo?

¹³⁴ Hindi ba't ganyan na ganyan ang modernong Cristiano sa panahon ngayon? Oh, hindi ba't kapag ang pagpapagaling ay nangyayari, haya't nagsisigawan sila sa katagumpayan. Kapag ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo'y bumubuhos, haya't nagsisigawan sila sa katagumpayan. At sila lamang na mga tunay na napuspos ng Espiritu Santo, ang nananatiling ganoon sa buong lakbayin ng buhay.

¹³⁵ Pero ang isang tao na lumalakad pa rin sa karnal na pag-iisip, sige't may kaunting kabiguan lang na darating, may kung anong bagay lang na papalya, haya't lumalayo na sila agad, na sinasabi, "Buweno, akala ko ayos lahat dito, pero, oh, naku,

tingnan mo nga ito ngayon. Akala ko di nabibigo ang munting iglesyang ito. Akala ko ang taong . . .” Mali ang pinaglalagakan ng iyong isip. Kita n’yo? Ilagak n’yo ang isip n’yo sa Kanya na di nabibigo. Ibunsod n’yo na ang pinag-uusapan n’yo ay hindi tungkol sa iglesya n’yo, bagkus tungkol sa inyong Panginoon. Doon nga Mismo. Hindi tungkol sa inyong kapitbahay, bagkus tungkol sa inyong Panginoon. Ibunsod n’yo na ang inyong pinag-uusapan ay patungkol sa Kanya.

¹³⁶ Tapos, habang naglalakad sila, nag-uusap; bigla na lang, isang Lalaki, isang ordinaryong Lalaki lang. . .

¹³⁷ Hindi Siya bantog na eskriba. Hindi Siya edukado. Wala Siyang edukasyon. Sa abot ng nalalaman natin, hindi Siya nag-eskuwela ni minsan sa buong buhay Niya, pero taglay Niya ang karunungan na higit sa kanino mang tao na nabuhay. Nung matunghayan ng mga Fariseo ang Kanyang karunungan, ang sabi nila, “Sa aling eskuwelahan kaya Siya nag-aral? Saan kaya Siya nanggaling? Saan mo nakuha ang mga Salitang ito? Papaano Niya nagagawa ang *ganito*? Kami . . . di naman galing sa ating mga seminaryo. Ang pangungusap niya ay di tulad sa isa sa ating mga tao. Saan kaya galing ang mga Salitang ‘yan?” At sila nga’y nayamot dahil di Siya galing sa kanilang mga grupo. Di Niya iniuugnay ang Kanyang Sarili sa kanila. Siya nga’y mag-isa, kamangha-mangha, dahil Siya ay Diyos.

¹³⁸ Doon nga’y tumayo Siya, at ipinakilala ang Kanyang Sarili. Ang sabi Niya, “Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginagawa. Pinapatotoo nito na isinugo Ako ng Ama.” Sabi Niya, “At ang edukasyon Ko . . .” Sa madaling sabi, parang ganito, “Kung ang edukasyon Ko ay di lumulugod sa inyong inaasahan, kung ang digri Ko . . . Na, Ako nama’y wala. Mangyaring, ang digri Ko, diploma Ko, ay di galing sa inyong mga seminaryo. Ang diploma Ko ay itong mga gawa na Aking ginagawa, na patotoo na isinugo Ako ng Ama. Ang mga ‘yan ang diploma Ko.” Yun nga ang pinaka mainam na diploma na nalalaman ko. Diyos, Iyo pong pagkalooban pa kami ng mga diploma na ‘yan! “Ang mga gawa na ginagawa Ko ang pagpapatibay na isinugo Ako ng Ama. Kung di ‘yun sapat, sampalatayanan n’yo ang mga gawa na ‘yun kung di kayo makasampalataya sa Akin.”

¹³⁹ Ngayon pansinin n’yo Siya. Oh, sadya ngang iniibig ko Siya nang husto! Habang nakikinita ko ang paglakad Niya roon, at ang sabi Niya, “Bakit kayo nalulungkot? Anong nagbubunsod sa inyo na makaramdam ng ganito? Napaka ganda ng araw! Pagmasdan n’yo kung papaanong kay ganda ng lahat!”

¹⁴⁰ Sabi nung lalaki, “Ganoon ba,” sabi, “Ang alam ko, heto nga’t umasa kasi kami . . .” Sabi, “Isa Ka bang dayuhan sa lugar na ito? Naku,” sabi, “hindi Mo ba nabalitaan, na si Jesus ng Nazaret, na isang Lalaki na may pagpapatibay ng Diyos, sa

pamamagitan ng dakilang mga tanda't iba pa? Kami nga'y mga tagasunod Niya nang tatlo't kalahating taon. At—at hayon nga si Pilato na ipinapako Siya. At inilibing na nila Siya, inilagag Siya roon sa libingan. Naku," sabi nila, "inaasahan namin talaga na Siya'y magiging hari, isang dakilang tagapanguna. At ngayon nakahimlay na Siya roon, sa libingan, inembalsamo, at nakahimlay roon sa libingan."

"Ganoon ba," sabi Niya, "hindi ba n'yo nalalaman ang mga Kasulatan?"

¹⁴¹ Oh, gustung-gusto ko nga 'yan! Ano 'yung ginawa Niya? Dumiretso mismo sa mga Kasulatan, para patunayan ang mga punto Niya. At kung Espiritu talaga ng Diyos haya't didiretso mismo sa Kasulatan.

¹⁴² Ano 'yung ginawa Niya? Bumaling mismo sa Lumang Tipan, sa mga Aklat ni Moises, at nagsimula Siyang mangusap patungkol kay Moises at patungkol sa iba pa, kung papaanong sinabi na nila noon na si Jesus ay darating, kung papaanong Siya ay magbabata ng hirap at kung ano pa ang gagawin Niya. Sabi Niya, "Hindi n'yo ba nalalaman ito, ang Kasulatan, ang Salita?" Sabi, "Hindi n'yo ba nalalaman na ang Salita na 'yun na naroon na noon ay pinaging buhay? Di n'yo ba nalalaman na ang Cristo ay ibabangon mula sa patay? At doon . . ."

¹⁴³ "Naku hindi, di po namin alam." Mabubuting tao, na mga nagmamahal sa Kanya, pero di nalalaman na Siya'y ibinangon na pala mula sa patay.

¹⁴⁴ Ganun din sa panahon ngayon, ganun din ngayon, saktong-sakto, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Oh, gisingin nawa ng Diyos ang inyong kaloob-looban! Hindi nauunawaan ng mga tao na Siya'y ibinangon mula sa patay. Hindi Siya patay. Siya'y nabubuhay.

¹⁴⁵ At lumakad Siya roon, na di nagpakilala. Nagpakita Siya sa kanila sa anyo ng Tao.

¹⁴⁶ Marahil Siya'y magpapakita sa inyo sa anyo ng inyong kapitbahay. Magpapakita Siya sa inyo sa anyo ng isang—isang ministro, o inyong nanay. Si Cristo ay nagpapakita sa inyo sa pamamagitan ng tao. Kung ganoon, makitungo kayo sa bawat isa nang tama, nang may kabaitan, maging magiliw sa kapwa, maging maibigin. Si Cristo ay nasa tao. "Si Cristo ay nasa sa inyo, ang pag-asa sa Kaluwalhatian." At sa inyong paglakad, at may mga tao na susulpot sa inyo, may mabuting tao na haya't makikipag-usap sa inyo, makinig kayo sa kanila. Di n'yo alam, na si Jesus na pala 'yun na nakikipag-usap sa inyo. Kita n'yo, Siya'y nagpapakita mismo. "Ako'y sasama sa inyo, sasainyo. At ang ginagawa ninyo sa mga ito, ay ginagawa ninyo sa Akin."

¹⁴⁷ Oh, kung titingnan n'yo 'yun sa ganoong paraan, haya't ang lumang tradisyon ay nawawaglit. Kita n'yo? Di na nagiging kung anong anyo ng mga salita, at kung anong deklarasyon ng

kung anu-anong maraming salita na pinagsama-sama. Ito nga'y nagiging isang buhay na realidad na si Cristo ay narito na sa atin ngayon. Ang Espiritu Santo ay kumikilos na nang doon at dito, sa buong katauhan ng bawat tao, dumadaloy mismo sa mga puso, sumasaliksik, kinokondena ang sira-sirang buhay na naroon pa. At sa inyong pagsasabi nito nang hayagan, Kanya ngang inilalatag ito sa harapan ng Diyos, at nililinis ito ng Dugo. Amen.

148 Pagkatapos, habang patuloy sila sa paglalakbay, ngayon ay masdan n'yo po, papalapit na nang papalapit ang gabi. Oh, sadya ngang gustung-gusto ko ito!

149 Kung may mahabang oras lang sana tayo. . . Oh, naku! Di ko namalayan na napahaba na pala ako.

150 Masdan n'yo. Pagabi na noon. Papatapos na ako. Napansin n'yo ba? Ngayon pakinggan n'yo pong maigi. Papalapit na ang gabi. At umakto Siya na para bang aalis na Siya't iiwan na sila, pero hinikayat nila Siya na tumuloy sa loob.

151 Binubulay ko nga kung gaanong panghihikayat ang dapat nating gawin sa panahon ngayon? Binubulay ko nga kung sapat mismo ang ginagawa natin ngayon? "Oh Panginoon, Siya na bumangon na mag-uli, itulot Mo na mahikayat Kita na tumuloy mismo sa aking puso. Tumuloy Ka mismo sa akin. Ninanais ko na manampalataya sa Iyo. Nabuhay ako nang kala-kalahating Cristiano ang buhay, kaya aking. . . na sumasampalataya lang sa isang karunungan pananampalataya, at kung ano pa, isang intelektuwal na pananampalataya. Pero ninanais ko mismo na makilala Ka sa Kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli, dahil baka ito na lamang ang natitirang panahon na ako'y makapaghahanda pa. Ninanais ko na makilala Ka sa pagtungo ko ng aking ulo na haya't hindi na itataas pa. Ninanais ko na makilala Ka sa Kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli. Ayoko pong nagbabaka-sakali lang tungkol dito. Ninanais kong makilala Ka mismo. Iyo po bang ipahihintulot na Ikaw ay pumarito sa akin at manahan sa akin? Papaubos na ang araw."

152 Pansinin, nung pumasok na sila, isinara ang mga pintuan, Siya'y nakipag-usap pa sa kanila roon. Grabeng pagbabago ang ibinunsod Niya sa mga taong ito! Sila nga'y nagsitayo sa may pampang na di Siya nakikilala; matagal na nila Siyang kasa-kasama. Pero nung, si Cristo, nung makapasok mismo. . .

153 Hindi nga si Cristo ay nasa *labas*, ang pagkabasa Rito, na sinasabi, "Oo, tama 'yun." Bagkus si Cristo ay nasa *loob*, na sinasabi, "Tama 'yun." Nakukuha n'yo ba ang pagkakaiba? Si Cristo ay nasa loob! At sabi Niya. . .

154 Nung naroon na sa loob na, isinara ang pinto. Pagkatapos ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili sa kanila, sa pamamagitan ng isang gawa na Kanyang ginawa. Kumuha Siya ng tinapay at pinagputul-putol 'yun.

155 At tumingin sila, at sabi, “Isang Lalaki lang sa lupa ang may kakayahang gawin ito, at Siya ’yun.” Sa mismong paraan na ’yun na Kanyang ginawa! Hindi nga sa kung papaano ba Siya magbalangkas ng pangangaral; dahil marami silang mga teologo nung araw na kayang gumawa nun. Hindi rin sa paraan ng Kanyang pananamit; na Hollywood ang istilo, katulad ng sa panahon ngayon. Hindi nga sa ganoon. Bagkus, sa paraan ng paggawa Niya ng isang bagay, nakilala nila na ’yun ang paraan ng paggawa Niya ng mismong bagay na ’yun. At nangabuksan ang kanilang mga mata. Nakilala nila Siya sa oras na ’yun.

156 Hindi nila Siya nakikilala nung nakalipas na ilang mga araw . . . o ’yung mga alagad ay di pa nila Siya nasasaksihan sa ganoong paraan. Hindi pa sila naikubling kasama Siya. Di pa nila Siya nakilala sa unang pagkakita nila sa Kanya. Pero sila na mga nakaranas na maikubli, napagkilala nila na ’yun pala ang kanilang Panginoon.

157 At gusto kong pansinin n’yo ang isang bagay. Sige’t nang maigi po bago magtapos, makinig nang maigi. Nung mismong umagang-umaga na ’yun, nung si Maria Magdalena at Marta ay pumaroon sa libingan, unang-una. Pakinggan n’yo. Unang-una mismo, nung umagang-umaga na ’yun, ipinakita ni Cristo ang Kanyang Sarili na kitang-kita sa unang mga nagsipagbangon. At di na Siya nagpakita, nang buong araw na ’yun, hanggang sa maggabi na. Mangyaring ipinakilala Niya muli ang Sarili Niya roon, dahil Siya ang Alpha at Omega.

Mangyayari na sa gabi ay magkakaroon ng
Liwang,
Ang tahakin sa Kaluwalhatian ay tiyak mong
masusumpungan.

158 Nung, ipakilala ni Cristo ang Kanyang Sarili nung unang panahon sa mga alagad, sa pagkabuhay na mag-uli, kalakip ang mga tanda’t kababalaghan na ginawa nila Pedro, Santiago, Juan, at sila pa roon. Ipinagkilanlan Niya ang Kanyang Sarili sa mga tao (paano?) sa Kapangyarihan ng pagkabuhay Niyang mag-uli, (makinig) sa pamamagitan ng mga tanda’t mga kababalaghan at mga himala na Kanyang ginawa. Tama po ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kanya mismong ipinagkilanlan ang Kanyang Sarili.

159 Ngayon sumapit na tayo sa isang dakilang araw. Ang araw nga’y lumipas na; dumaan ang dakilang mga tagapagturo, sina San Augustine; hanggang kina Martin Luther, John Wesley, Calvin, Knox, lahat sila; tumugaygay sa kapanahunan ng mga—ng mga Methodist, kapanahunan ng Baptist, kapanahunan ng Nazarene, kapanahunan ng Pilgrim Holiness, kapanahunan ng Pentecostal. Ang lahat ng mga kapanahunang ito’y dumaan. Ang araw ay papalubog na.

160 Sabi niya, “Magliliwanag sa gabi. Darating ang araw,” sabi ng propeta, “na hindi araw, hindi rin gabi. Magiging parang maulap lang.”

161 At, ngayon, ganoon mismo ang itinugaygay ng mundo, mula nung unang umaga ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus, at sa unang kapanahunan ng iglesya noon, doon sa—sa Kapanahunan ng Iglesyang Efeso. Dun mismo sa pinaka unang kapanahunan dun, ipinakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga tanda’t kababalaghan at mga himala. Yun nga’y lumipas sa unang mga magulang. Tumugaygay sa iglesyang Katoliko, patungo sa repormasyon, tapos hanggang sa ngayon. Sila nga’y nagtaglay ng sapat na Liwanag para manampalataya na Siya ang Anak ng Diyos. Sila’y nagtaglay ng sapat na Liwanag para tanggapin Siya bilang sarili nilang Tagapagligtas, at ’yun nga’y tumugaygay hanggang sa ngayon. Pero ’yung ulap, ’yung ulap ng kadiliman, na mga tagapagturo na gumapos sa mga tao, sinasabi, “Ang araw ng mga himala’y lumipas na. Lahat ng mga bagay na ito’y matagal nang wala na, matagal na matagal nang taon ang nagdaan.” Mangyaring napaka dilim na talaga ng panahon. Hindi ganap na kadiliman; nakikita pa nila kung papaano sila uusad, pero hindi na ganoon kaklaro.

162 Pero, kapatid, ipinangako ng Diyos na kapag ang araw ay lumubog na sa kanluraning daigdig, magkakaroon ng Liwanag muli, kung papaanong may mundo mismo.

163 Ito pong Bibliang ito’y silanganing Aklat. Isinulat Ito ayon sa kaugalian ng Silangan. Isinulat Ito sa Silanganing para- . . . lingguwahe, sa silangan. Sumisikat ang araw sa silangan, lumulubog ’yun sa kanluran. At ang mga tao sa silangan, tinaglay nila ang araw ng pagdalaw noong unang pagkabuhay na mag-uli. At ang araw ay tumugaygay sa kapanahunan. Haya’t ang sibilisasyon ay nagsimula sa silangan, patungong kanluran. At bago mismo lulubog ang araw sa guhit-tagpuan ng kanluran, ay Magliliwanag muli. Ang siya ring Panginoong Jesus na nagbangong mag-uli ay paririto sa siya ring taglay Niyang Kapangyarihan. [Kinatok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang limang beses—Pat.] Gaya mismo ng Kanyang pagpapakilala sa Kanyang Sarili roon kina Maria Magdalena at sila, sa pasimula, Kanya ngang ibubunsod ang Sarili Niya na mapagkilanlan sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, sa huling panahon. Saan? Sa huling panahon.

164 Sabi niya, “Tumuloy Ka. Pagabi na. Patapos na ang araw. Pagabi na. Maaari Ka bang tumuloy?” At pinatuloy nila Siya.

165 At nung makapasok na sa loob, binuksan Niya ang mga mata nila. May ginawa Siya na isang bagay. Sabi nila, “Siya lang ang may kakayahang gumawa nun.”

Tingnan n'yo ang kalagayan nila roon. Buong araw muna ang lumipas sa kanila roon.

¹⁶⁶ Doon nabigo ang mga misyonero. Kuskos tayo nang kuskos sa kuskusan ng damit, para maka-suporta sa pagmimisyon na dumadako sa lugar na 'yun dun, para makapamahagi ng mga polyetong babasahin. Nagtutungo tayo roon na ang itinuturo ay teolohiya. At naroon nga ang Muddha, Buddha, Mohammed, ang mga Sikh, ang . . . Naroon nga ang lahat ng iba't ibang mga relihiyon ng mundo't taglay-taglay nila ang siya ring teolohiya na makakapagpalitaw ng siya ring bagay na magagawa ng sangka-Cristianuhan, sa paraan ng sikolohiya. Ganoon nga.

¹⁶⁷ At ang mundo, nasa isang-katlong bahagi lang ng tao, sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, ang nakakakilala o nakaring na tungkol kay Jesus. Dalawang-katlong bahagi ng mundo ang naroon sa komunismo at sa kadiliman. Dalawang-katlong bahagi ng mundo ang di pa nakakapakinig patungkol kay Jesus o sa pagkabuhay na mag-uli.

¹⁶⁸ [Ipinapalalpapak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang dalawang beses—Pat.] Pero, kapatid, nung ang karanasan na 'yun sa Emaus ay lumukob kay Cleofas, nung ang mga mata nila'y nabuksan, haya't napagkilala nila kung sino sila! At, kaunting minuto lang na pagitan, lumakad sila sa pasilyo ng panahon, pabalik ng Jerusalem, na magaan ang mga paa, magaan ang puso, na sinasaysay sa mga tao. "Talastas namin na ang aming Panginoon ay nagbangon mula sa patay, dahil nakita namin Siya at alam namin na totoong Siya."

¹⁶⁹ Ang ibig sabihin nun, sa huling mga araw. Magpapalitaw ang Diyos ng mga kalalakihang taglay ang mga mensaheng ito, nang may kapangyarihan, nang may pagpapalaya, nang may kapangyarihan ng Ebanghelyo, para patunayan na si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁷⁰ Alam ko na nakakasabik pakinggan. Hindi nga maikakaila! Nabubuhay na tayo sa isang nakakasabik na panahon. Opo, narito na tayo. Narito na tayo sa huling mga araw. Na, ang Diyos, sa pamamagitan ng bawat banal na propeta, sa buong tugaygay ng Lumang Tipan, buong tugaygay ng Bagong Tipan, na sila'y nagsipagpropesiya, na sa huling panahon na ito, ang siya ring mga bagay na ipinangyari sa simula ay mangyayari't mangyayari sa huling panahon, at habang tumatalilis palayo ang kadiliman, ang Liwanag ng Ebanghelyo ay magliliwanag sa buong lapad ng pasilyo ng lupa, muli, bago ang Pagparito ng Panginoong Jesus.

¹⁷¹ Siya'y bumangon mula sa patay. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman mismo. Bumangon si Jesus Cristo mula sa patay at nabubuhay na sa kalagitnaan natin ngayon. Ako nga'y nagagalak sa bagay na 'yan. Talagang napapanabik

ang puso ko't higit pa sa anumang salita. Yamang, di na natin kailangang magbaka-sakali. Ito kasi ang Katotohanan.

¹⁷² Pagpalain kayo ng Diyos, kaibigan. Kung di pa rin kayo nakasisigurado. . . Haya't huwag n'yong tingnan kung sino ang nagdadala ng Mensaheng ito, mangyaring ang pagtuunan n'yo ay kung ano ang ibig sabihin ng Mensahe. Kita n'yo? Ito nga'y para sa inyo na nasa labas pa ni Cristo. Kung di n'yo Siya nakikilala sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, kung ang nariyan lang sa inyo. . . Haya't huwag kaisipang hinuha ang tanggapin n'yo. Huwag n'yong isaysay ang inyong teolohiya o ang inyong intelektuwal na pananampalataya; kung wala pang sumasaksi't nagpapatotoo sa inyong puso, at ang sarili n'yong puso'y naiwaksi na't pinaging isang libingan na na walang laman (hallelujah) sa mga luma't patay na mga bagay ng sanlibutan, at ibinangon na si Cristo nang panibago sa inyong puso.

¹⁷³ Oh Diyos, sa umagang ito, Iyo pong pagulungin ang bato ng pag-aalinlangan. Iyo pong alisin.

¹⁷⁴ At nawa'y bumangon Siya sa inyong puso ngayon, at gawin kayong bagong nilalang. At naniniwala ako na darating Siya sa eksena, sa ilang minuto, at ipangyayari ang siya ring mga bagay na ginawa Niya nung narito pa Siya noon sa lupa.

Tayo'y manalangin na, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

¹⁷⁵ Makalangit naming Ama, tumatanghali na po. Ang oras ay talagang nauubos na. Pero, dun nga sa pagkaubos ng oras Ka nagpakita. Pinasasalamatang Ka namin para sa Makalangit Mo na mga Salita. Pinasasalamatang Ka namin para sa Ebanghelyo na ito na aming ipinangaral at sinasampalatayanan. Amin Ka ngang pinasasalamatang para sa Ebanghelyong ito na Iyong pinagtibay na Katotohanan talaga.

¹⁷⁶ At ngayon, Panginoong Jesus, Ikaw po'y mangusap sa mga naliligaw na kaluluwa. Marami sa mga narito, Panginoon, ang iniibig Ka nila, pero hindi Ka pa nila natatanggap nang totoo. Araw-araw Ka pong lumalakad kasama nila. Ikaw mismo ang naglayo sa kanila na mapatay sa panahon ng aksidente. Ikaw rin ang humadlang sa bagyo na liparin ang bahay nila nung araw na 'yun, nung gabing 'yun. Ikaw nga ang pumaroon sa kanila sa panahon ng pagkaligalig. Ikaw po ang nagbigay sa kanila ng trabaho nung wala silang trabaho. Ikaw nga ang umaliw sa kanilang puso nung ang kanilang mga mahal sa buhay ay inilagag na roon sa libingan. Lumakad Ka po na kasama sila, pero, sa kabila nun, ay di Ka nila nakikilala.

¹⁷⁷ Diyos, Iyo pong ipagkaloob sa bawat tao na narito, na mga nasa labas ni Cristo, na gawin nila ang gaya ng ginawa ni Cleofas at ng kabigan niya, "Halika at sumama sa amin. Ang mga araw

ng buhay ko'y paubos na. Halika ngayon at sige't Ikaw nga'y pumarito."

¹⁷⁸ At habang ang mga ulo natin ay nakayuko, saanman kayo sa loob o sa labas, mayroon po ba rito na may pagnanais na magsabi, sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay sa Diyos, di para sa inyong kapatid, bagkus ay sa Diyos mismo, "Oh, may bagay na nagaganap sa puso ko, sa umagang ito. Alam ko—alam ko na may bagay na nangyayari sa puso ko. Ako—ako'y di na magiging tulad ng dati. Naniniwala ako na may bagay na ipinangyari mismo mula ng pumasok ako sa gusaling ito ngayong umaga. Tinatanggap ko na ngayon si Cristo sa puso ko, bilang aking Tagapagligtas. Nagnanais ako na itaas ang aking mga kamay sa Diyos, at sabihin, 'Diyos, heto po ako. Ito lamang ang tangi kong magagawa't itaas ang akin pong kamay, para isaysay ko po sa Iyo na sinasampalatayanan Kita."

¹⁷⁹ Magagawa n'yo bang itaas ang kamay n'yo? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Tama 'yan. Mayroon pa po ba, na magtataas ng kamay nila, magsasabi, "Tinatanggap ko na Siya ngayon"? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mainam 'yan. Mayroon pa ba?

¹⁸⁰ Habang itinataas n'yo ang inyong kamay, ipinangako ng Diyos na bibigyan kayo ng Buhay na walang hanggan. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan. Hindi na tutungo sa paghatol, bagkus lumipat na mula kamatayan patungong Buhay."

¹⁸¹ Magagawa n'yo na bang itaas ang inyong kamay ngayon, na sasabihin, "Panginoon, sumasampalataya ako"? Wala pong nakatingin; ang Diyos lamang at ako, sige po. Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, "Tinatanggap ko na Siya ngayon bilang aking Tagapagligtas." Sige po't itaas. . . Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, ikaw. Oh, napaka inam, nasa dalawampung mga kamay. Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam po.

¹⁸² Anong ibubunsod nito sa inyo? Bibigyan kayo ng Buhay. Itinaas n'yo ang inyong kamay sa Panginoon, nasabi, "Akin po itong sinasampalatayanan."

¹⁸³ Sabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya ay di na hahatulan; lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Ngayon mismo ay may Buhay na walang hanggan kayo. Hindi po ba't kayo'y nagagalak dahil dito?

¹⁸⁴ Mayroon pa po bang iba bago tayo manalangin, may isa pa ba na magsasabi, "Kapatid na Branham, sa umagang ito ng Pasko ng Pagkabuhay, ako ngayon, bago ko pa makita mismo ang hayag na mga tanda ng pagpapakita ni Cristo, yaman na Kanyang gagawin ito, ngayon pa lang ay tinatanggap ko na Siya bago ko pa makita ang anuman. Di po ako magiging tulad ni Tomas, na maghihintay pa hanggang sa makita ko Siya at

mahipo Siya, at kung ano pa, at doon pa lang magsasaysay. Ngayon pa lang ay tatanggapin ko na Siya.”

¹⁸⁵ Sabi Niya, “Ang gantimpala nila ay mas higit, sila na kahit di nakikita, o nahihipo, o anumang, subalit sumampalataya!”

¹⁸⁶ Mayroon pa po bang iba na magtataas ng kanilang kamay, sa loob man o sa labas? Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw. Ikaw, kapatid na babae, pagpalain ka ng Diyos. Ikaw, kapatid na babae, pagpalain ka ng Diyos.

Sige po, habang nakayuko ang ating mga ulo.

¹⁸⁷ Makalangit naming Ama, sinabi Mo mismo, “Ipangaral ang Salita. Magsikap sa kapanahunan, at sa di man kapanahunan. Magsawata, manaway nang may buong pagpapahinuhod at pagtuturo.” Mangaral ng wala nang iba’t ang Ebanghelyo lang na itinagubilin sa amin. Si Cristo’y namatay, bumangon muli nang ikatlong araw, ayon mismo sa mga Kasulatan; nakaluklok ngayon sa Makalangit na mga dako, sa Presensya ng Karangalan ng Diyos, namamagitan sa aming pagpapahayag. At Ito’y ang Kanyang Salita, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan.”

¹⁸⁸ At, ngayon, sa binilisan, at kalat-kalat na mensaheng ito, marami po ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Iyo nga pong nakikita sila. Hinding-hindi nga mangyayari na hindi Mo makikita sila, yamang nalalaman Mo ang bawat ibong-maya na bumabagsak sa daanan! Nalalaman Mo. Ang dakilang Diyos na pinaka makapangyarihan, nakikita Mo ang lahat, nalalaman Mo ang lahat, at magagawa ang lahat. Ngayon, ayon sa Iyong Salita, Iyo nang iniligtas ang mga ito mula sa kasalanan, at amin Ka ngang pinasasalamatan dahil dito, Ama. Nawa’y ang mga buhay nila’y maging mahaba, masaya. Nawa’y kanilang mapaglingkuran Ka nang buong mga araw ng kanilang buhay.

¹⁸⁹ Sa pagdulog, mamayang gabi, kung di pa sila nailulubog, nawa’y pumarito sila at mabautismuhan, tatawag sa Pangalan ng Panginoon, at mapupuspos ng Espiritu Santo sa mismong gabi na ito. Iyo pong ipagkaloob ito, minamahal na Diyos. Amin ngang hinihiling ito sa Pangalan ni Cristo.

¹⁹⁰ Ngayon, Ama, papadulog na kami sa gawain. Alam ko na ang Iyong Salita ay di kailan mabibigo. Sabi Nito, na, sa aming sariling bayan, “Lingkod mismo, sa sarili niyang bayan sa gitna ng mga tao.” Hayan nga’t, dalawang beses mismo, Panginoon, na Iyo ngang ipinangyari ito, sa loob ng sampung taon na ito. Iyo po bang ipagkaloob ito muli ngayon? Ngayon po’y Pasko ng Pagkabuhay, at ang aming mga isipan ay sariwang-sariwa sa mga pang-Pasko ng Pagkabuhay na mga paggugunitang ito, ang pagkabuhay na mag-uli. Sariwang-sariwa, bagong-bago, dahil sa Ebanghelyong ito, ngayong umaga, sa pakikinig Dito yamang ipinangaral na rito nang dalawang beses na. At nais

talaga naming masaksihan Ka, Panginoon. At binabanggit ko sa mga tao na narito Ka. Ikaw po mismo ang nagsabing narito Ka. Ikaw po'y sumasa lahat ng dako, sa tuwina. Ikaw po ba'y makapaparito na ngayon at gagamitin ang mga kasangkapang ito, sila man ay aba, Panginoon, magamit ang Iyo pong abang lingkod? Ikaw po'y kumilos nawa sa amin, ngayon, na ang mga kalalakihan at kababaihang nakaupo rito, at sila na mga nagsi-tanggap sa Iyo, ay makita nila ang kanilang ginawa; na Ito'y di isang bagay na huwad; haya't Ito'y ang Panginoong Jesus. Oh Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁹¹ Oh, grabe! Mainam po ba ang pakiramdam n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ganoon nga ang pakiramdam ko, kahit na pagod at gasgas na gasgas. Ganoon na lang kasing kaluwalhati ang Salita!

Ngayon, mga kaibigan, lahat ng mga pangangaral na ito na sinisikap kong gawin. . .

¹⁹² Ako—ako po'y medyo. . . Ngayong araw, dalawang beses po akong nangaral. Kinakailangan kong magmadali, bukas, sa aking pagmamaneho. Kinakailangan kong umalis nang maaga't pupunta sa Tacoma, Washington, tapos pa-Canada. At ang mungkahi nila'y lumipad ako roon, para makarating agad sa mga gawain bukas, pero baka magmaneho na lang ako.

¹⁹³ Kaya ngayon pansinin, ngayon, lahat ng mga pangangaral na ito na nagagawa ko; haya't isa lang ang gawin ni Cristo, at 'yun ay higit pa ang halaga sa lahat ng mga bagay na akin ngang masasabi sa loob ng libong taon, sa inyo, kung abutan n'yo 'yun.

¹⁹⁴ Ngayon gusto ko pong tanungin kayo ng isang bagay, at gusto kong magpitagan kayo. Ngayon, haya't marami sa inyo ang nakatayo. Alam ko na pagod kayo, pero laanan lang natin ang ating mga sarili ng ilang minuto pa. Ngayon, ako lang. . .

¹⁹⁵ Intindihin n'yo, di ko sinasabi na ipangyayari ito. Akin lamang, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay hiniling ko sa Diyos na gawin ito. At hinihiling ko sa Kanya ngayon na Siya'y magpabunga ng isang pagtitipon dito, gaya ng ginagawa Niya roon sa labas, at nang sa gayon ang mga tao rito sa Jeffersonville ay mapagkilala nila na si Jesus ay nagbangon mula sa patay. Ngayon, nakamit na natin ito nang dalawang beses na.

¹⁹⁶ Di ko lang alam kung kailan ako makakabalik pagkatapos ng araw na ito ngayon, para makapunta rito sa tabernakulo, uli. Gustung-gusto ko po talaga ang munting, lumang iglesya na ito. Hindi nga ganoong kayaman, para sa mga hindi tagarito. Pero heto nga na narito mismo ang bakas ng aking mga daliri, siyanga, sa pulpitong ito, mula sa labing-dalawang taon ng pangangaral ko rito. Ako'y dalawampu't tatlong taon na sa Ebanghelyo ngayon.

197 Oh, mahaba-haba na talaga ang aking nilakbay para ako'y tumalikod pa! Oh, tunay nga na marami na akong nasaksihan mismo! Di ko alintana anuman ang sabi-sabihin ng mga tao. Talastas ko—talastas ko. Talastas ko. Siyanga, po. Kahit na, iba pa ang sabi-sabihin ng mundo. “Talastas ko—talastas ko kung Sino ang sinasampalatayanan ko, at lubos akong naniniwala na Siya’y makapag-iingat nitong aking ipinagkatiwala sa Kanya hanggang sa Araw na yaon.”

198 Marami akong mga kaibigan na nakaupo rito ngayon, at iba pa, ang ilan sa kanila ay nasa labas. May dalawa po akong kaibigan na doktor na ngayon ay narito, rin.

199 Hindi ako panatiko. Mangyaring. . .kung ang ibig sabihin nun. . .Kung tinatawag n’yo itong panatisismo, ang maniwala sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, kung ganoon isa akong panatiko. Siyanga. Sinasampalatayanan ko ’yun, nang buong puso ko.

200 Ngayon, heto po ang pinaninindigan ko, na si Jesus ay bumangon mula sa patay. Sinasampalatayanan ko, yamang Siya ay nagbangon mula sa patay. . .Sabi Niya, “Ang mismong mga bagay na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo. Higit pa nga rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako’y dadako na sa Ama.”

201 At nananampalataya ako, dito sa umagang ito ngayon ng pagkabuhay na mag-uli, na kung ang Diyos ay magpapakita lamang muli rito sa eksena, sa isang anyo na mapagkikilala n’yo na Siya ’yun! Nagnanais ba kayong makita Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Nagnanais ba kayong maging tulad nila Cleofas at sila, nung dumating? Kung ganoon, kung ibubunsod ’yun ng Diyos, ang sinaysay ko mismo sa inyo ay Ebanghelyong Katotohanan, kung ganoon.

202 Ngayon, ano ang gagawin Niya kung Siya’y magpapakita rito sa umagang ito? Sasabihin kaya Niya. . .Kayo po ba’y dudulog, magsasabi, “Maaari Mo bang iligtas ako, Panginoon?”

203 Anong sasabihin Niya? “Nagawa Ko na ’yun noong Ako’y mamatay para sa iyo sa Kalbaryo.” Dahil, ’yun ang Ebanghelyo Niya.

Sasabihin, “Maaari Mo bang pagalingin ako, Panginoon?”

Sasabihin Niya, “Nagawa Ko na ’yun nung Ako’y mamatay para sa iyo sa Kalbaryo.”

204 Ngayon, ang tanging bagay na lang na gagawin Niya, ay magpakita ng mga tanda’t kababalaghan sa kalagitnaan n’yo, na magbubunsod sa inyo na manampalataya’t tanggapin ito. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

205 Ngayon, sa tingin ko ay namigay ang mga kalalakihan ng ilang mga prayer card ngayong umaga. Nabanggit sa akin ’yun ni Billy, kani-kanina lang, sabi, “Mauubos na, maya-maya.” Haya’t wala silang sapat nun para ipamahagi pa sa palibot. Aakyat pa

sana siya para kumuha ng ilan, at naabutan naman siya ng oras para lumapit. Nung papunta siya, para kumuha ng ilan pang card, nagsimula nang kumanta si Kapatid na Neville ng *Only Believe*.

²⁰⁶ At lumapit nga sila, tumatakbo pa nga. At sina Kapatid na Wood at sila dun ang sabi, “Naku, nagpapa-awit na, at hayan na nga,” kaya kinailangan kong magmadaling pumunta roon. At di gaanong karami ang mga card, baka mga nasa limampu o sandaan lang, parang ganoon, ang naroon, siguro. Sige po’t magpapaunlak tayo marahil ng marami-rami sa abot ng makakaya natin.

²⁰⁷ Ngayon gusto ko pong makakuha kayo nung mumunting prayer card. Maliit na parisukat na card ’yun. May litrato ako roon, at sa likod ay may numero. At gusto nating pumila ang mga tao, sa dako rito, at ipanalangin sila, siguro’y grupo-grupo habang dumadaan sila rito. At talagang ipanalangin sila sa abot ng makakaya natin.

²⁰⁸ Ngayon, habang inilalabas n’yo ang inyong mga card, at naghahanda, ngayon gusto ko po kayong tumuon. Marami sa mga narito ang walang prayer card. Siguro nasa sandaan din na mga narito ang walang prayer card. Di naman mahalaga ang prayer card, kung tutuusin. Ang tanging bagay na mahalaga ay kung kayo’y may pananampalataya sa Diyos.

²⁰⁹ Nanalangin noon si Jesus para sa mga tao, siyanga, at maraming beses na sinasabi Niya sa kanila kung ano ba ang suliranin. Pero sinabi ba Niya . . . haya’t di Niya sinasabi kahit kailan, “Pinagaling Ko kayo.” Ang sabi Niya, “Pinagaling ka ng pananampalataya mo.” Yung mga taong dumudulog . . .

²¹⁰ Hayun nga noon si bulag na Bartimeo, sa daan, nakaupo dun, namamalimos. Naglalakad noon si Jesus, marahil patungo sa pintuang-bayan, doon sa may daan mula—mula sa kung saan nakaupo si Bartimeo, parang ang distansya ay mula nga rito hanggang diyang sa kasunod na sulok diyang. At hetong parating na si Jesus. At doon nga’y nakaupo ang bulag na nanlilimos na nakasandal sa pader sa dako roon, sumisigaw.

²¹¹ Nagsisigawan pa nga ang mga tao, “Aba’y layuan n’yo ang panatikong ’yan! Sige nga, hanggang salita lang yata, sige nga’t magpamalas ka nga ng ilang himala’t ipakita sa amin!”

²¹² May iba naman na nagsasabi, “Hosana! Hosana! Siya ang Hari, ni—ni David, ang Anak ni David.”

At lahat sila roon, iba-iba, halo-halo.

²¹³ At si Jesus, habang patungo sa Kalbaryo, na ang Kanyang mukha . . . Papunta Siya sa direksyon na ’yun. Nakikinita ko Siya na lumalakad. At ang batang-bata pa Niyang buhay, na nasa tatlumpu’t kung ilang taon lang halos, mas matanda ang itsura Niya. Ang sabi nila mukha na Siyang “singkuwenta,” pero trenta

y tres lang Siya. At doon nga'y itinuon Niya ang Kanyang mukha, dala-dala ang mga kasalanan ng mundo sa Kanya, at bawat sakit na mayroon, nakasukbit sa Kanya. At Siya'y patungo sa Kalbaryo, para maipako sa krus.

²¹⁴ At 'yung matandang bulag na nanlilimos na naroon, tastas ang mga manggas at lahat, nagsasabi, "Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin! Mahabag Ka sa akin!"

Sabi ng mga tao, "Maupo ka nga!"

²¹⁵ Pero huminto si Jesus; bumaling, tumingin mismo sa dako roon, at nagsabi, "Pinagaling ka na ng pananampalataya mo." "Ng pananampalataya mo!"

²¹⁶ Yung abang munting babae, nakakaawang tingnan. Ang babae nga'y nakipagsiksikan sa madlang naroon at pumailalim sa mga paanan nila, at nagtungo roon at hinipo ang Kanyang damit, mabilis na bumalik sa madla sa kung saan at pumirmi.

²¹⁷ Huminto si Jesus, ang sabi, "Sino ang humipo sa Akin?" Tumingin Siya sa paligid. Ang sabi Niya, "Pinagaling ka na ng pananampalataya mo."

"Bakit pa kayo mangangatwiran sa puso n'yo?" Sabi . . .

Yung babae sa may balon.

Iniiisip Niya na parang may- . . . 'yun nga ang sabi-sabi ng mga tao noon . . .

²¹⁸ Nung makalapit si Felipe sa Kanya, nung Siya . . . sa unang pasimula ng Kanyang pagmi-ministryo. Nakatayo si Jesus sa pila para sa pananalangin noon, nananalangin para sa mga may sakit.

²¹⁹ Heto nga si Jesus, ng nakaraan. Kaya heto rin si Jesus, sa panahon ngayon, dahil Siya'y siya pa rin. Yung Liwanag na 'yun na naroon nung umaga, ay siya rin namang Ito sa gabi, ang siya ring Jesus; kahapon at ngayon, kita n'yo, siya't siya pa rin.

²²⁰ At nung nakatayo nga roon si Jesus, may isang lalaking naligtas. Ang lalaking ito'y nagtatakbo at sinundo ang kaibigan niya, na ang pangalan ay Natanael. At kaya ang lalaking ito'y humayo at sinundo si Natanael. At si Felipe nga'y humayo at sinundo si Natanael. At naabutan niya si Natanael na nasa ilalim ng isang puno, nananalangin.

²²¹ At nung dalhin niya siya pabalik . . . Naroon noon si Jesus. Nakatayo sa harapan ng mga tao, o sa kung saan siya naka puwesto. Si Jesus nga'y naroon, nananalangin para sa mga tao.

²²² Tumanaw Siya't, nagsabi, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

²²³ "Haya't," sabi niya, "papaano Mo ako nakilala, Rabi?" O, "guro, reverend," anumang titulo.

²²⁴ Sabi Niya, "Haya't, bago ka pa tawagin ni Felipe, nakita na Kita sa ilalim ng puno."

225 “Aba,” sabi ng mga Fariseo, “kita n’yo na, isa Siyang manghuhula. Isa Siyang diyablo. Siya si Beelzebub.”

226 Pero ano ang sinabi ni Felipe? Ano ang sinabi ni Natanael? Mabilis siyang pumaroon at nagpatirapa, at sabi, “Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel.”

227 Sabi Niya, “Dahil baga sa sinabi Ko ito sa iyo, kaya ka sumasampalataya? Makikita mo ang lalo pang dakila kaysa rito, dahil isa kang mananampalataya. Kita mo? Makikita mo ang lalo pang dakila kaysa rito.” Kita n’yo?

228 Ngayon, hayan nga ang siya ring Jesus sa panahon ngayon. Ngayon sige’t palinyahin na po natin ang mga maysakit, at simulan na nating manalangin para sa kanila.

229 Ngayon sa inyo na mga nakaupo rito, na walang prayer card, gusto kong manampalataya lamang kayo nang buong puso n’yo. Pagagalingin kayo ng Diyos, kayo na mga nakaupo mismo sa inyong upuan. Magagawa Niyang pabalingin ang Kanyang mga lingkod at sabihin ang siya ring bagay na sinabi Niya noon. Hindi po ba’t sinasampalatayanan n’yo ‘yan? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige po.

230 Ngayon sige’t sasabihin ko sa inyo ang gusto kong gawin n’yo. Sino po ang may hawak ng prayer card bilang isa? Sige po’t patingin. Itaas mo ang kamay mo. Prayer card bilang isa, bilang isa. Bilang dalawa . . .

231 Pumila lang *dito*. Ngayon, siguro po’y isa-isa lang ang pagtugon ko sa kanila, dahil wala tayong . . . wala tayong—wala tayong maluwag na puwesto rito para makatayo.

232 Bilang dalawa, sino po ang may hawak ng prayer card bilang dalawa, magagawa n’yo bang itaas ang inyong kamay? Prayer card . . . Itong binibini rito. Bilang tatlo . . . Sige po’t dumako lang dito, sa gawi *rito*, binibini. Bilang apat, sino po ang may prayer card . . .

233 Sino po ang may hawak ng prayer card bilang tatlo? Sa tingin ko ay di ko pa siya napapapunta rito. Prayer card bilang tatlo.

Prayer card bilang apat.

234 Prayer card bilang lima. Sino po ang may prayer card bilang lima? Isa pong binibini sa likod doon. Sige.

Prayer card bilang anim.

Bilang pito.

235 Sige’t pumunta ka lang sa gawi *rito*, dito po. Ngayon sige, apat, lima, anim, pito. Di ko alam kung paano . . . Palinyahin n’yo sila siguro nang *paganito*, paikot dun sa . . . sa ibabaw ng entablado, marahil, siguro. Sige po. Dalian lang n’yo sa abot ng makakaya n’yo. Tutugtug po ang piyanista ng *Only Believe*, sige po.

Wala nga akong paraan para malaman kung sino, saan, paano, kailan, sino.

²³⁶ Ngayon sige po't tingnan natin kung ilan na ang napatayo natin. Magagawa n'yo bang lumapit na rito ngayon? Hayan nga ang prayer card bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito.

Sino po ang may hawak ng walo, prayer card bilang walo? Sige't doon po, iho.

²³⁷ Prayer card bilang siyam. Itaas mo lang ang kamay mo, kung sino man ang may hawak ng prayer card bilang siyam.

²³⁸ Siguro bingi, at di makarinig. Sige't silipin n'yo ang card ng katabi n'yo sa upuan.

Prayer card bilang siyam, magagawa mo bang itaas ang kamay mo, bilang siyam?

²³⁹ Hindi ka ba makatayo? Kung isa kang pilay, di makatayo, aakayin ka nila rito.

Prayer card bilang siyam, siguro lumabas lang.

Prayer card bilang sampu. Sige po, binibini, dito po.

Prayer card bilang labing-isa. Dun po sa gawi *roon*, ginoo.

Prayer card bilang labing-dalawa. *Dito* po, ginoo.

Prayer card bilang labing-tatlo. Sige po, binibini, *dito* po.

Prayer card bilang labing-apat. Diyan po, nasa sa iyo ba ang bilang labing-apat?

Labing-lima. *Dito* po, binibini, kung magagawa mo.

²⁴⁰ Mainam, sige't pumarito lang. Siguro dumaan ka, siguro umikot ka lang dun, kung magagawa mo, sa daan dun, diyan sa pasilyo rian, sige, kung magagawa mo. Puntahan mo, Bill. Siguro, tumayo lang dito sa gitna ng pasilyong 'yan. Tama. Tama. Palinyahin mo sila roon. *Dito* mismo, binibini. Binibini, sige't diyan lang mismo, minamahal na kapatid na babae. At sundan mo lang 'yang pila rian.

²⁴¹ Sige't tingnan natin kung ilan ang napalinya natin. Sige't maghintay lang tayo pansumandali, sa mga bagay na ito ngayon, pansumandali. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.]

²⁴² Ngayon maging mapitagan po lamang. Manatili lamang sa pagkakaupo, maging mahinahon lang, tahimik lang. Ngayon, ito po ang bahay ng Diyos. Siyanga. Kunin mo 'yung prayer . . .

²⁴³ [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Ano po 'yun? Ano po 'yun? Sige, maaari pa ba tayong magdagdag ng ilan pa? Sige. Prayer card . . .

²⁴⁴ Saan po ba ako huminto? Oo. Anong bilang ng prayer card mo, ginoo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Labing-apat."—Pat.] Labing-apat. Sige po.

245 Prayer card labing-lima, labing-anim, labimpito, labing-walo, labing-siyam, dalawampu.

246 Sa gawi *rito*, binibini. *Doon* lang ang daan, *doon* po, daan ka lang sa gawi *roon*. Sige. Siguro'y sakto na 'yan sa puwede nating patayuin diyan. Umikot ka lang sa gawi *roon*, binibini. Aalalayan ka nila, kung magagawa mo. Sige.

247 [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Ano po 'yun? Buweno, ayos na. Siguro'y sakto na 'yan sa puwede nating patayuin ngayon, sakto na.

248 Ano po? Dumudugo kamo ang ilong ng munting batang babae na ito, kapatid na babae? Sige't huminto lang po tayo, pansumandali. Iyuko n'yo lang ang inyong ulo pansumandali. [Iniwan ni Kapatid na Branham ang mikropono sa pulpito at pinuntahan ang bata—Pat.]

249 Ama, sa Pangalan ng sinisinta Mong Anak, na Panginoong Jesus, idinadalangin po namin na Iyong hipuin ang batang ito, Diyos. Iyo pong pahintuin ang dugo. Nawa'y tumigil na ito ngayon. Nawa'y ang Pangalan Mo ay maluwalhati. Sapagkat, sinasaway namin ang pagdurugong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos.

250 [Marahan na nakipag-usap si Kapatid na Branham sa isang tao at pagkatapos ay bumalik na sa pulpito—Pat.]

Sige po, panatilihin lang natin na nakayuko ang ating mga ulo ngayon, pansumandali.

251 Panginoong Jesus, nakatayo sa mga narito, ngayon, ang marami na mga naghihintay. Pinasasalamatan Ka namin para sa Iyo pong kapangyarihan na magpagaling. Ngayon hinihiling namin, nang buong puso namin, Panginoon, na Iyo pong ipagkakaloob ang mga bagay na ito na hinihiling namin. Iyo pong ipangyari ito para sa kaluwalhatian ng Diyos. Dalangin namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

252 Sige, ngayon, tayo po'y magpitagan sa abot ng makakaya natin. Alalahanin n'yo, di ko po ito alam. Ito po'y nakasalalay lahat sa pagkilos ng Diyos.

253 Ngayon, may—may mga tao akong kakilala na narito sa pila para sa pananalangin. Nakatayo riyan si Kapatid na Wood, siya po'y kilala ko. Kilala ko rin ang pangalawa, pangatlong tao sa likod nung isa roon. Kakilala ko sila. Kakilala ko rin ang ginang na nakaupo rito, ito pong unang ginang dito. Di ko lang alam kung anong suliranin sa kanya, pero alam kong nariyan siya. Siguro'y 'yun na siguro ang lahat ng kakilala ko na narito sa pila para sa pananalangin.

254 Marami sa mga naparito ang—ang di ko kakilala. At kayo mismo'y mga saksi sa mga bagay na ito, na di ko talaga kayo kakilala. Pero kilala kayo ni Jesus Cristo, hindi po ba't kilala Niya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁵⁵ Ngayon ilan sa inyo riyang walang prayer card, at sa kabila nun ay may pagnanais na mapagalang, pa rin? Itaas n'yo ang inyong kamay, sige't itaas, itaas lang maigi. Mainam po. Pagpalain kayo ng Diyos, sige po, kahit wala kayong prayer card. Ngayon hinihiling ko na gawin n'yo ito. Kung ang Espiritu Santo'y dumating at magpahid, tumingin kayo sa gawi rito at manampalataya talaga nang buong puso n'yo. Tumingin lang kayo, at magsabi, "Panginoon, ako po'y tunay na sumasampalataya nang buong puso ko." Kung inyo pong gagawin 'yan, ipagkakaloob sa inyo ng Diyos ang inyong kagalingan. "Nananampalataya ako nang buong puso ko." Ngayon, huwag po kayong kung saan-saan pumupunta. Sige't tumaimtim lang nang lubos. Tumaimtim lang nang lubos sa abot ng makakaya n'yo.

Ngayon tayo po'y manalangin uli.

²⁵⁶ Ngayon hinihiling ko sa inyo, habang nakayuko ang inyong ulo. Kung si Jesus ay bumangon mula sa patay... Ngayon, di po ito para pagalingin kayo. Ito po'y isang pagpapatibay lang na Siya'y bumangon mula sa patay. Kung si Jesus Cristo'y bumangon mula sa patay, ito ngang kaligtasan at pagpapagalang, Kanya na itong binili roon sa Kalbaryo. Tama po ba? Sabihin n'yo, "Amen." [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Wala na Siyang gagawin pa; tanging, ang ipangyayari na lang ay isang bagay, na isang tanda o isang kababalaghan, na magpapaalam sa inyo na Siya'y nabuhay mula sa patay. Kung nagawa Niya 'yun nang isang beses, ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon nung Siya'y narito pa noon sa lupa, nararapat lamang na dapat n'yo Siyang tanggapin. Tama po ba? ["Amen."] Gagawin n'yo po ba? Kung gagawin n'yo, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Kung Siya'y magpapamalas ng isang bagay na gaya ng ginawa Niya noon nang Siya'y narito noon sa lupa, magagawa n'yo bang tanggapin ito? Pagpalain kayo ng Diyos. Sandaang porsiyento nga.

²⁵⁷ Ngayon, Ama, dalangin ko po na Ikaw ay mahabag. At ngayon, sa Iyong kaluwalhatian, Panginoon, dalangin ko na Iyong ipagkakaloob ito rito mismo, ngayon, sa tabernakulo, upang patunayan mismo nang magpakailanman, na Ikaw ay nagbangon mula sa patay. Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling ko ang pagpapalang ito para sa kaluwalhatian ng Diyos. Amen.

²⁵⁸ Ngayon, para sa kaluwalhatian ng Diyos, at para sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, para sa higit na kapangyarihan ng Diyos, akin ngayong inilalagay ang bawat espiritu sa ilalim ng aking pamamahala, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kaya, gawin n'yo ang sasabihin sa inyong gawin.

²⁵⁹ At ngayon hinihiling ko sa ginang na ito, *rito*, na tumayo lang rito sa tabi ng mikropono. Kakilala ko ang ginang. Sa—sa

pagkakaalala ko ang pangalan niya ay Sutton, kung di po ako nagkaka- . . . [Sinasabi ng kapatid na babae, “Hindi po. Cobb, na po ngayon.”—Pat.] Oh, Cobb, pasensya na po. At nakita ko na noon ang babae pong ito, mangyaring siya’y pumaparito sa tabernakulo madalas. At ngayon, pero, wala po akong alam kung ano ang suliranin sa kanya. Pero ngayon ang tanging paraan upang magkaroon ako ng nalalaman diyan, ay sa kung anong paraan na sasabihin sa akin ’yun ng Diyos. Tama po ba, Gng. . . . [“Tama, po.”] Cobb? [“Tama po.”] Cobb? Sige. Cobb, sige’t, ’yun po ba ang pangalan n’yo? [“Opo.”] Sige. Sige.

²⁶⁰ Gng. Cobb, ang tanging paraan para malaman ko kung ano ang suliranin sa iyo, ay kung ihayag ’yun sa akin ng Diyos. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] At, pagkatapos, kung gawin Niya ’yun, ibig sabihin galing ’yun sa sobrenatural na Kapangyarihan na hindi kabilang sa sangkatauhan. Haya’t manggagaling at manggagaling ’yun mula sa Makalangit na Kapangyarihan. Tama po ba? [“Tama po.”] At kaya naman, kung maipangyari ’yun, maibubunsod ba nun na maniwala ka na ang sinabi ko sa iyo ay Katotohanan tungkol sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli? [“Opo.”] Kita n’yo?

²⁶¹ Maibubunsod ba nun na makasampalataya kayo rito, kaibigan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

²⁶² Ngayon, ano kaya—ano kaya kung si Jesus ay nakatayo rito na suot-suot ang amerikanang ito na ibinigay Niya sa akin? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Purihin ang Panginoon!”—Pat.] Kita n’yo? At Siya’y—Siya’y nakatayo rito, ano kaya kung ganoon. . . .

²⁶³ Ngayon, ang babae’y may suliranin sa pinansyal marahil. May suliranin sa bahay marahil. May suliraning karamdaman marahil. Di ko po alam. Ang Diyos ang nakakaalam. Di ko po alam. Di ko masasabi sa inyo. Marahil may nagawa siya na kung anong bagay sa buhay niya, na nagdulot ng suliranin na ’yun na dumating sa kanya. Di ko po alam. Ang Diyos ang may alam. Ako po’y hindi.

²⁶⁴ Pero, kaya Niyang sabihin sa akin. Buweno, ganoon nga ’yun. Sabi ni Jesus, “Wala Akong ginagawa maliban na ipakita sa Akin ng Ama.” Kinakailangang dumaan sa ganoon.

²⁶⁵ Ngayon, ito pong gagawin ko sa babae rito ngayon, hindi ito pagbabasa ng kanyang iniisip. Hindi, po. Huwag nawang ipahintulot ng Diyos. Alam ng Diyos na mali ’yun. Kaya hindi maaari. Ang Diyos sa Langit, bilang tagapagpasya ko, alam nga na di ’yun ganoon. Mali kasi ’yun, kita n’yo. Hindi babasahin ang isipan niya.

²⁶⁶ Pero, ito nga’y sa pamamagitan mismo ng Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, si Jesus Cristo sa Kanyang Iglesya. Tingnan n’yo po si Pedro at sila roon, nung tumayo sila roon at tumingin sa mga tao. Kung papaanong si Pablo at ang iba pa’y

tumingin doon sa mga tao, at napagkilala nila na may ilang mga bagay na mali.

267 Si Jesus, sa pakikipag-usap sa babae sa may balon, Siya po'y nakipag-usap sa babae roon. Ngayon, alam nating lahat 'yan, San Juan sa—sa ika-4 na kabanata. Nakipag-usap Siya sa babae sa may balon. At habang nakikipag-usap dun sa babae sa may balon, ang ginagawa nga Niya roon ay hinahagip ang espiritu nung babae.

268 Sinabi sa Kanya ng Ama na magpunta roon sa Samaria. Sa Jerico Siya noon papunta. Diretso 'yun nang *paganito*, galing Jerusalem. Pero Siya nga'y umikot, pa-Samaria, dahil sinabi sa Kanya ng Panginoon na magpunta roon.

269 At naupo Siya roon sa balon; pinahayo ang Kanyang mga alagad. Alam Niya na paparating doon ang babae. Nung ang babae'y lumitaw na't dala-dala ang kanyang banga, sabi Niya, "Dalhan mo Ako ng mainom."

Sabi ng babae, "Hindi kaugalian para sa Iyo na humingi sa akin nang ganoon."

270 Pero sabi Niya, "Kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, hihiling ka sa Akin ng mainom. Bibigyan Kita ng tubig na di mo na kailangang pumarito para sumalok."

271 Tama po ba? [Sinababi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Pagkatapos, nung lumaon 'yung pag-uusap, nasumpungan Niya mismo nang saktong-sakto kung saan naroon ang suliranin ng babae. ["Opo."] Sabi, "Humayo ka't sunduin mo ang asawa mong lalaki." ["Opo."]

Sabi ng babae, "Wala akong asawa."

272 Sabi, "Tama. Tama." Sabi, "May lima ka na noon at ang isa na mayroon ka ngayon ay di mo asawa."

273 Sabi niya, "Napagtatalos ko na isa Kang Propeta. Alam ko na kapag dumating ang Mesiyas ay gagawin Niya ang bagay na ito, dahil magsasabi Siya sa amin ng mga bagay na ganito." [Sinababi ng kapatid na babae, "Salamat Diyos."—Pat.] "Pero sino Ka po?"

Sabi, "Ako Siya, na nakikipag-usap sa iyo."

274 [Sinababi ng kapatid na babae, "Amen."—Pat.] Ngayon, si Jesus 'yun nang kahapon. ["Salamat sa Panginoon."] Na siya rin namang Jesus ngayon. ["Purihin ang Pangalan Niya."] Ngayon, upang. . .

275 Ikaw po, ginang, ang tanging paraan para magkaroon ako ng pagkaalam, ay ang magkaroon ng isang uri ng pakikipag-ugnay sa pagitan mo't ako, at sa Diyos, upang ang bagay na 'yun ay malaman. [Sinababi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.]

276 Nakita mo na ba 'yung litratong 'yun na nakuhanan nila ang Anghel ng Diyos na nakatayo sa tabi ko, 'yung Liwanag,

alam mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, nakita ko na po.”—Pat.] Iyo, iyo na bang nakita ’yung isa nun? [“Nakita ko na po. Nakita ko na.”]

²⁷⁷ Ang iglesya po kaya’y . . . Oh, nakita n’yo na Iyon, dito po sa iglesya, siyanga. [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

²⁷⁸ Ngayon, Iyon ang sinisikap kong mapalapit sa atin ngayon. Ngayon, ang Liwanag na ’yun ay ang siya ring Haliging Apoy na nanguna sa mga anak ni Israel, si Jesus Cristo ’yun, tama, ang Anghel ng tipan. Siya’y nasa sobrenatural na anyo noon, ng Liwanag.

²⁷⁹ Bumaba Siya, sa laman. Sabi Niya, “Ako’y nagbuhat sa Diyos, at Ako’y babalik sa Diyos.”

²⁸⁰ “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan, pero makikita ninyo Ako.” Ang *sanlibutan* doon ay ang “di-mananampalataya.” “Makikita ninyo Ako, dahil Ako’y sasama sa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo.”

²⁸¹ [Sinasabi ng kapatid na babae, “Oh, purihin ang Diyos. Opo, purihin ang Panginoon.”—Pat.] Ngayon, ang Panginoon nga’y mapuri! At alam n’yo na ako’y . . . ako . . . may bagay nga na nangyayari.

²⁸² Ngayon, sa mga tagapakinig dito, gusto kong magpitagan kayo. Haya’t, ngayon, ang siya ring Liwanag na ’yun, salamat sa Diyos, ay pumaparito na ngayon sa kanang bahagi ko. Ito po’y kumikilos na ngayon sa pagitan ko at ng babae. Ngayon ang buhay ng babae ay di na maitatago pa.

²⁸³ Ngayon, kapatid na babae, Ito nga na lumulukob sa iyo ay di naparito para saktan ka. [Umiiyak ang kapatid na babae—Pat.] Naparito Ito para tulungan ka. Ito lang ang tanging daan sa kaligtasan. [“Opo. Purihin ang Panginoon.”] Ikaw, ikaw nga’y naparito . . .

²⁸⁴ Hindi, hindi ka nakatira sa bayan na ito. Nakatira ka sa New Albany. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Nakatira ka sa New Albany. [“Purihin ang Diyos.”] At ikaw nga’y—ikaw nga’y sumasailalim sa pangangalaga ng isang doktor. At sinabi sa iyo ng doktor na isa ’yung bagay, na nasa lalamunan. Isang . . . Isa ’yung kondisyon sa brongkiyal diyan sa lalamunan mo. At sinabi niya sa iyo, at inabisuhan ka niya, na mangibang bansa ka, para umalis ka mula rito, ’yun lang daw ang tanging paraan para gumaling ka. [“Opo. Tama po.”] Ikaw ba’y sumasampalataya na mapapagaling ito ng Panginoong Jesus? [“Opo. Niluluwalhati ko ang Diyos.”]

Iyuko natin ang ating mga ulo.

²⁸⁵ Makalangit naming Ama, sa pagpapatong ng mga kamay sa babaing ito, habang narito sa pahid ng Espiritu Santo, akin ngang kinokondena ang suliraning ito, na Iyo nang pinagaling ang babae sa Kalbaryo, at sinasabi na makauwi na siya

nang malaya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay akin itong dalangin. Amen.

²⁸⁶ [Tuluy-tuloy na umiiyak ang kapatid na babae, habang nananalangin si Kapatid na Branham, pagkatapos ay nagsabi ng, “Salamat Panginoon.”—Pat.]

²⁸⁷ Makahahayo ka na nang payapa, kapatid kong babae, at ang Diyos nga’y pagpalain ka’t sumaiyo, ’yan ang dalangin ko. [Tuluy-tuloy na umiiyak ang kapatid na babae habang siya’y bumabalik sa kanyang upuan—Pat.]

²⁸⁸ Ngayon, ang Panginoon nga’y mapuri! Magpitagan na po ngayon. Magmasid. Manampalataya sa Diyos. Huwag kayong mag-alinlangan.

²⁸⁹ Gusto kong tumingin ka sa gawi rito, binibini. Ngayon, Siya Na . . . tayo’y nasa Kanyang Presensya, nalalaman ang lahat ng mga bagay, at napagkikilala ka mula sa pinakasimula. Siya ang nagpakain sa iyo ng bawat munti mang pagkain na iyong kinain. Nalalaman Niya ang lahat ng tungkol sa iyo. Di kita marahil kakilala, pero nakikilala ka ng Diyos. Nalalaman Niya kung sino ka, kung taga-saan ka, lahat ng tungkol sa iyo, kung ano ang nagawa mo sa buhay mo. At tanging Siya lamang ang nag-iisa na makapagpapagaling sa iyo, o gagawin para sa iyo ang bagay na inaasam mo na maipangyari. Alam mo na di ko ’yun nalalaman. Diyos lamang ang tanging makapag hahayag nun sa akin. [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Tama po.”—Pat.] Yun ba ang katotohanan? Itaas mo ang kamay mo kung ’yun ang totoo? [“Yun ang katotohanan.”] Sige, bumaling ka rito’t tumingin pansumandali.

²⁹⁰ [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Sandali lang po. Ngayon, ang lahat ay pumitagan lang po.

²⁹¹ Heto ang Anghel ng Panginoon na nakatayo *rito*, dito lang sa . . . Narito sa banda ng . . . Ito po’y nasa gawi ng munting batang babae na nakaupo sa banda rito. Ang munting babae ay naroon kasama ang mga mahal niya sa buhay. Dumaranas ang bata ng kung anong kondisyon sa kanyang lalamunan. Isa ’yung kondisyon sa lalamunan, kondisyon sa tonsil. Tama, di po ba, ginoo? Ipatong mo ang kamay mo sa kanya.

Panginoong Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ibinunyang na si Satanas.

²⁹² At sinasaway ko ang demonyong ’yan na sumusungab sa batang babaing ito. Lumayas ka mula sa bata, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

²⁹³ Kapatid na lalaki, malayo ang biniyahe mo, para madala ang batang ito rito. Pero huwag kang mag-alala, maiuwi mo siya na magaling na ngayon. Niligtas ka ng pananampalataya mo.

Manampalataya sa Diyos. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.]

294 Di ka rin taga-Jeffersonville, siyanga. Galing ka sa isang lugar na malayo sa Jeffersonville. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama.”—Pat.] Galing ka sa silangan, nagpa-kanluran, nung pumarito ka. [“Galing po ako ng Edinburg.”] At galing ka sa . . .dumaan ka sa isang kalsada, isang—isang sementadong kalsada. At galing ka sa isang bayan na nasa kanang bahagi ng kalsadang ito. May parang gawain ang gobyerno sa dakong ’yun. Edinburg, Indiana po. [“Tama.”] Galing ka ng Edinburg, Indiana. [“Tama.”] At ang pangalan mo, sa nakikita ko roon, ay Denton. [“Tama po.”] At ang pangalan mo nga, ay Denton. [“Purihin ang Panginoon.”] At pinahihirapan ka ng sakit sa puso. [“Opo.”] Umuwi ka na’t magaling ka na. Pinagaling ka na ng pananampalataya mo at pinaigi na mismo ang lagay mo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Makakauwi ka na’t pinagaling ka na. Amen. Pagpalain ka ng Diyos. [“Purihin ang Panginoon!”]

295 Manampalataya ka sa Diyos. Manampalataya ka nang buong puso mo. Ngayon, sa mga tao, manampalataya kayo! Huwag kayong mag-alinlangan. Manampalataya na ngayon. Kayo ba’y nananampalataya na sa Kanya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Oh, grabe! Ito, hindi po ako ito; Siya ito, Siya ang nabuhay na mag-uling Jesus. Siya po ang Isa na ’yun na narito, at gumagawa. Ito po ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon, tama, ang siya rin mismong mga bagay na ginawa Niya noon.

296 Ngayon, binibini, ikaw at ako’y narito na nagkatagpo sa umagang ito. Nakikilala ng Diyos tayong dalawa. Wala akong nalalaman na anumang tungkol sa iyo. Alam mo ’yan. Pero kilala ka ng Diyos. Kilala Niya ako. At ang Kanyang Espiritu ay narito sa kalagitnaan natin.

297 Gusto kitang tanungin ng isang bagay nang sa gayon ay malaman ng tabernakulong ito rito. Sa buong buhay mo, hindi ka pa nga nakakaranas ng ganito ngayon, siyanga, dahil narito ka ngayon sa Presensya ng Kanyang pinaka makapangyarihang pagka-Siya. Nakita mo na ba ’yung litratong ’yun ng Liwanag? Yun mismo ang nagpaparamdam sa iyo ng pakiramdam na ’yan. Ako nga’y nasa ibang daigdig nung mga oras na ’yun noon. Nakikita kita ngayon, na hayan nga’t may nakatayo sa harapan ko. At alam mo na isa ’yung kaibig-ibig, na kalugod-lugod, na mapagpakumbabang pakiramdam. Ang Panginoong Jesus ’yun na nagbangon mula sa patay. Nanumbalik Siya sa Espiritung Buhay, sa Diyos. At ngayon narito Siya’t kasama natin. Hanggang sa katapusan ng mundo, Siya’y makakasama natin.

298 Isa kang Cristiano. Isa kang mananampalataya. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Tama po.”—Pat.] At di ka nakatayo rito para sa sarili mo. Nakatayo ka rito para sa isang lalaki, at ang lalaking ’yun ay asawa mo. At ang lalaki ngang ’yun ay may pumutok na ugat. At isa pang bagay, nakikinita ko siya, siya ay umiinom sa isang bahay-inuman. Isa siyang lasenggo. Siya,

siya nga'y manginginom. At naparito ka para makalaya mula sa lalaking 'yun. Tama ba? Ngayon alam mo, binibini, ang mga bagay na 'yan ay di kayang arukin ng isipan ng tao. Tama ba? ["Tama po."] Diyos lang talaga ang makakapaghayag ng tulad n'yan. Kaya sumasampalataya ka na ba rito ngayon? ["Ako po'y sumasampalataya na."]

²⁹⁹ Diyos na makapangyarihan sa lahat, na Siyang nagbangon kay Jesus mula sa patay, at narito po kami sa araw na ito na tinatamasa ang pagpapala ng pagkabuhay na mag-uli. Akin ngang itinatagubilin ang pagpapala, sa Iyong lingkod na babae, at nawa'y matanggap niya ang bagay na hinihiling niya. Akin nga itong ipinapanalangin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³⁰⁰ Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. Humayo ka na, tanggapin mo ang anumang bagay na hiniling mo. Ang Diyos nga'y ipagkakaloob ito.

Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

³⁰¹ Sige, ginoo, tumingin ka sa akin. Hindi ko ibig sabihin, na titingin . . . Ang ibig kong sabihin, katuld nila Pedro at Juan nung dumaan sila noon sa pintuan na ang tawag ay Maganda, sabi nila, "Tumingin ka sa amin." Sa tingin ko ay estranghero tayo sa isa't isa. Di natin kilala ang isa't isa; marahil ito 'yung pinaka unang pagkakataon na nakita natin ang isa't isa. Ito 'yung unang pagbisita, kailanman, unang beses na nakita natin ang isa't isa? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Sige, kung ganoon, ay ganap na, estranghero talaga tayo sa isa't isa. ["Tama po."] Di pa kita nakikita kailanman, at di mo pa ako nakikita kailanman. At narito tayo, dalawang kalalakhian na nagkatagpo rito sa unang pagkakataon sa buhay. Nakikilala tayong dalawa ng Diyos, hindi ba't nakikilala Niya, ginoo? ["Nakikilala Niya."] Tunay ngang nakikilala Niya. At ngayon kung may anumang bagay na patungkol sa iyo . . .

³⁰² [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] May bagay na nangyari. Ngayon magpitagan po, ang bawat isa. [Huminto si Kapatid na Branham.]

³⁰³ Sa isang binibini na nakaupo rito, na nananalangin, *dito* sa may likod. Pinahihirapan siya ng hirap sa pagdumi. Tumayo ka, pansumandali, binibini. Yun ang katotohanan, hindi ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] At may pagka balisa sa palibot ng puso mo. Wala 'yan kundi hirap lang sa pagdumi, dahil may pagkanerbiyos ka't nababalisa. Pero uuwi ka na nang maayos at magaling na. ["Salamat sa Iyo, Jesus."] Haya't nakikita kong may nagniningning na liwanag sa palibot mo, kung saan madilim. ["Salamat sa Iyo, Jesus."] Huwag kang matakot. Haya't . . .

304 Kita n'yo, di n'yo kailangan ng prayer card. Ang tanging kailangan mo ay pananampalataya. Manampalataya lamang sa Diyos.

305 [Sinasabi ng kapatid na babae, “Jesus, salamat sa Iyo, Panginoon.”—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos, binibini. [“Salamat sa Iyo, Jesus.”] Manampalataya ka nang buong puso mo. [“Salamat sa Iyo, Jesus.”]

306 Ngayon, habang tumatalilis ang masamang espiritu sa gawi *rito*. May tumatawag. May panalangin na iniaalay. Nakita ko 'yung maitim na guhit na tumalilis mula sa isang babae rito patungo sa isang lalaki. Isa 'yung masamang bagay, at naroon 'yun sa ilalim ng tadyang. Nakikinita ko 'yung eksaminasyon. Oh, heto pong munting lalaking nakaupo *rito*, na nananalangin, pinapahiran ang kanyang mga mata. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Manampalataya! Naniniwala ka ba na ako'y propeta ng Diyos? Tinatanggap mo ba ako sa ganoong paraan? Ngayon, 'yung siya ring suliranin sa iyo ay siya ring suliranin dun sa babae na nakaupo roon sa bandang likod na nakatingin sa akin mula sa dulong hanay, dun sa dakong 'yun na may suot na munting pabilog na sumbrero. May maitim na sinulid. Ang babae po'y nakatingin lampas lang sa ulo ng isang binibini rito, nakatingin sa akin ngayon, na ang kamay niya'y nakataas. Yun nga, binibini. Yun nga. Heto nga ito, nanggagaling dun sa isa't patungo sa isa. Kapangyarihang masama ito, na bumabatak; isang maitim na guhit. May suliranin ka, diyan sa tagiliran mo rito. Kondisyon sa apdo. Ito ring babae roon ay mayroon dun nun. Kayong dalawa ay pawang pinagaling na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Lalayas ang masamang mga kapangyarihan na 'yan, at ikaw ay mapapalaya na. Amen.

307 [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Manampalataya! [Huminto uli si Kapatid na Branham. Malakas na nananalangin ang kongregasyon.] Ngayon, sandali lamang po. Ang Espiritu Santo ay nariyan na sa mga tagapakinig, kumikilos sa mga tao rian.

308 Diyan sa binibini na nakataas ang kamay, may binibini na nakaupo sa tabi niya, na nakikita ko 'yung eksaminasyon. May kung anong suliranin siya sa bituka. Tama, binibini. Ikaw ba'y nananampalataya na pagagalingin ka ng Diyos? May suliranin ka sa bituka. Ganoon nga. Itinataas mo ang kamay mo. Iyo na bang tinatanggap si Jesus ngayon bilang tagapagpagaling mo? Sa Pangalan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos, Na narito para magpakilala, tanggapin mo ang kagalingan mo sa Pangalan ni Jesus Cristo.

309 Nakikita ko ang isang ginang na may parang nakapaikot sa kanyang ulo. Parang. . . Oh, ang binibini po na nakaupo sa likod niya, ang ikalawang ginang na nakaupo roon. May kung anong uri siya ng sakit ng ulo. Walang humpay, na sakit ng

ulo. Nakatingin sa akin. Nananampalataya ka ba, ginang, ikaw na nakaupo riyang, munting, babae na ubanin ang buhok, na pinagaling ka na mismo ng Diyos? Sinasampalatayanan mo ba 'yan nang buong puso mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Tama. Pagpalain ka ng Diyos. Tapos na ito. Puwede ka nang makauwi ngayon. Nilisan ka na nito, ngayon mismo. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Iwagayway mo ang kamay mo, kung tama. Nilisan ka na. Pinagaling ka na.

³¹⁰ Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoong Jesus! Dumulog kayo, na nananampalataya. Ang Espiritu Santo'y kumikilos sa pila. Oh, kamangha-mangha talaga! Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? [Nagbubunyi ang kongregasyon—Pat.] Tingnan n'yo ang Kanyang ginawa! Kung maipapaliwanag ko lang sana sa aking iglesya kung ano itong pakiramdam na ito, kung paano nga, na ibang daigdig ito mismo, na iisipin mo kung narito ka ba sa tabernakulo, o hindi. Magpitagan po. Magpitagan.

³¹¹ Nakikinita ko ang isang tao na galing sa malayo, malayo. Dumadako sa isang—isang lugar. Isa pong lalaki. Galing siya sa isang probinsya na maraming puno. Virginia po. Pinahihirapan siya ng arthritis. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos at paiigihin ang lagay mo? Tinatanggap mo ba? Siyanga ba? Galing ka ng Virginia, pumarito, para mapagaling diyan sa arthritis. Tama po ba? Galing pa ng. . . Siyanga, po. Magaling ka na ngayon. Maaari ka nang bumalik. At 'yang sakit mo sa puso ay lumisan na mula sa iyo. Puwede ka nang umalis sa pila at bumalik, magaling ka na. Pinagaling ka na nang lubos ng Diyos. Iniligtas ka ng pananampalataya mo.

³¹² Manampalataya sa Panaginoong Jesus Cristo! Kayo po ba'y nananampalataya na nagbangon Siya mula sa patay? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang mga di-nagkakamaling patunay ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli! [Huminto si Kapatid na Branham.] Manampalataya!

³¹³ Ngayon, pasensya na po, ginoo. Pasensya na kung pinatagal kita. Wala kasi akong—wala akong kontrol sa bagay na ito. Ako ang kinokontrol Nito; hindi ako ang kumukontrol Dito. Ako ang kinokontrol Nito. Napapansin ko na humihina ako nang humihina. Pero ito ang nalalaman ko na narito ako sa tabi ng isang, ubaning lalaki. Kami'y. . . Alam ko na nakasuot ka ng salamin. Na, may kinalaman diyan ang suliranin sa iyo, 'yang mga mata mo nga. Pero ang Diyos ang nakakaalam ng lahat ng tungkol sa iyo, ginoo. Siyanga. Naparito ka para mapagaling sa—sa. . . May pagkanerbiyos ka, talagang may pagkabalisa. Ang dahilan nun ay—ay suliranin sa prostate. May suliranin ka sa prostate. Kung tama 'yun, itaas mo ang kamay mo. At may sakit ka rin sa puso. Ganoon nga. Mayroon ka. At, tingnan mo, nakikita ko ang iyong. . . Haya't di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Pero ang inisyal mo ay A. A. Miller. Sige, nasa Mount

Valley ka. Uuwi ka na, na magaling. Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka, na nagbubunyi, at manampalataya.

³¹⁴ G. Mills, kaginhawaan ito para sa iyo. Ngayon maaari ka nang humayo, manampalataya nang buong puso mo. Ako nga'y estranghero sa iyo, di kita kakilala, pero kilala ka ng Diyos. Tama ba? Nararamdaman mo na naglaho na ang lahat, maayos na ang lahat ngayon? Pagpalain ka ng Diyos. Umuwi ka na't magaling ka na.

Bawat isa sa inyo!

³¹⁵ Ano ba ang pamamanas ng puso, sa Diyos? Magagawa nga Niyang pagalingin 'yun anumang oras. Magagawa nga Niyang pabalikin ka sa Campbellsburg, kung saan man ito, na isa nang magaling nang babae. Sinasampalatayanan mo ba? Hindi kita kakilala. Di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Isa akong estranghero sa iyo. Pero nakikilala ka Niya, at nalalaman kung sino ka, at kung taga-saan ka. Tama ba? Inihayag na Niya 'yun mismo sa iyo. Tama ba? Buweno, makasampalataya ka ba sa pagpapahid na ito na nasa akin ngayon, na nakakakilala sa iyo at lahat ng tungkol sa iyo, (haya't di pa kita nakikita noon), na kung ipapatong ko ang mga kamay ko sa iyo, ay gagaling ka? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.]

³¹⁶ Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sinasaway ko ang diyablo. Satanas, lantad ka na. Matagal-tagal mo nang hila-hila ang mga taong ito sa mga alulod. Lumabas ka mula sa babaing ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Humayo ka na sa daan mo, nang masaya.

³¹⁷ Ang suliranin ay diyan sa likod mo, pero may kakayahan nga ang Diyos na pagalingin ka. Magagawa ba Niya? Tunay na mapagaling ka! Sumasampalataya ka ba na ginawa na Niya ito? Sige't kung sinasampalatayanan mo ito nang buong puso mo! Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na anak ng Diyos, sinasaway ko ang karamdamang ito. Nawa'y makahayo ka na't magaling na. Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka, na sumasampalataya nang buong puso mo.

³¹⁸ Halika, kung magagawa mo. Nang buong puso mo, ngayon, ikaw ba'y sumasampalataya? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Ako'y estranghero sa iyo. Di kita kakilala, wala akong nalalaman tungkol sa iyo. Di pa kita nakikita sa buong buhay ko, sa abot ng nalalaman ko. Pero kilala ka ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Hindi ba't kilala ka Niya? Alam Niya ang lahat ng tungkol sa iyo. Kilala Niya kung sino ka, alam ang lahat. Ako'y hindi ganoon, wala akong paraan para malaman, pero Siya nga'y nakakaalam. Pero nananampalataya ka ba na nakatayo ka sa Presensya, hindi rito sa kapatid mong lalaki, bagkus sa Kanya na tumingin noon sa babae at sinabi sa kanya kung ano ang suliranin sa kanya? ["Opo."] Nakikita ko, sa pagitan mo't ako ang isang mesa, at umaatras ka mula

roon. May suliranin ka sa tiyan. Yun ang dahilan nung peptic ulcer sa tiyan. Ngayon humayo ka na't kumain ng tanghalian mo. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Humayo ka na't, buong pusong manampalataya. ["Purihin ang Panginoon! Purihin ang Panginoon!"]

319 Halika, kabataan. Naniniwala ka ba na ako'y propeta Niya? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Nang buong kaluluwa mo, tinatanggap mo ba ito? Ako'y estranghero sa iyo, pero nakikilala ka ng Diyos. Tama ba? ["Opo. Tama po."] Gusto mo bang maalpasan ang sakit na 'yan sa puso't mapagaling? ["Opo."] Sige, humayo ka na sa daan mo, na nagbubunyi. ["Hallelujah!"] Pinaging-buo ka na ng pananampalataya mo, pinagaling ka na't pinaigi ang lagay mo.

320 Maaari ka bang lumapit, binibini? May sakit ka rin sa tiyan, hayan nga. At nung ang binibini na 'yun ay mapagaling kani-kanina lang, mula sa sakit ng tiyan, may isang tunay na kakaibang pakiramdam ang lumukob sa iyo, hindi po ba? Pinagaling ka na, nung siya ring sandali na 'yun. Humayo ka na sa daan mo, at kumain ng tanghalian mo, at magaling ka na.

321 May gusto akong sabihin, kapatid kong lalaki. Nakikilala ka ng Diyos. Sa pagitan mo't ako ay nakatayo ang isang maitim na anino. Isa 'yung karamdaman na pumapatay ng higit na mas maraming tao kaysa sa ano pang bagay. Isa 'yung sakit sa puso. May tagas ka sa puso mo, at sinasabi nila na di mo na raw ito maaalpasan pa. Pero alam nga ng Diyos na maaalpasan mo. Ikaw ba'y sumasampalataya na pagagalangin ka na ng Diyos sa mismong sandali na ito ngayon? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin mo ang kagalingan mo, at bumaba ka na mula sa entablado ng ito na isa nang pinagaling nang lalaki. Humayo ka, na nagbibigay ng papuri't kaluwalhatian sa Diyos! ["Salamat sa Iyo, Panginoon ko."]

322 Ganoon din ang suliranin sa iyo. Ang sanhi nga lang ay pagkanerbiyos sa puso, siyanga, diyan sa kondisyon mo. Tama, Ngayon sumasampalataya ka ba na pinagaling ka na? Kung ganoon ay bumalik ka na sa tahanan mo, na nagbubunyi, at magaling ka na para sa kaluwalhatian ng Diyos.

323 Tumingin ka rito, binibini. Sumasampalataya ka ba? Sige't sandali lang. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Tayo po'y estranghero sa isa't isa. Di natin kilala ang isa't isa.

324 Haya't may nakapanlumong pagkagulat na nanggaling mula sa entablado . . . o, mula sa mga tao, nung ang binibini ay lumakad papalapit dito. Oh, lumulukob sa lahat ng mga narito.

325 Tumingin ka lang sa gawi rito, pansumandali. Alam mo ito, binibini, na di pa kita nakikita sa buong buhay ko, wala akong nalalaman tungkol sa iyo. Diyos lamang ang may nalalaman tungkol sa iyo. Pero, sa pagkakakita ko sa iyo, ikaw ay—ikaw

ay balisang-balisa. Pagkanerbiyos 'yan. Pagkabagabag 'yan ng isipan, at madalas mo—mo ngang nabibitawan ang mga bagay-bagay. Nakikinita ko na nabibitawan mo ang hawak mong mga plato't mga bagay-bagay. At nananalangin ka nga, bago ka pumarito, sa isang upuan, nakaupong malapit na sa sahi. At hiniling mo sa Diyos, na kung makapaparito ka at ipapatong ko ang mga kamay ko sa'yo, ay gagaling ka. Yun ang katotohanan. Tama ba? Itaas mo ang kamay mo. Tama.

Isa 'yung espiritu. Yun nga'y tumalilis sa ibabaw ng mga narito.

³²⁶ Ang munting binibini na nakaupo *roon*, isang tagapagturo ng Biblia, nakaupo roon na dinaranas ang siya ring bagay na 'yun. Nagsisinungaling sa iyo ang diyablo, binibini. Haya't handa na ang iyong pagliligtas.

³²⁷ Tumingin kayo, sa buong gusali, dito, sa buong dako. Heto po na nakaupo *rito* ang isa. *Naroon* naman ang isa. Heto naman ang isa *rito*. Oh!

³²⁸ Bawat isa sa inyo na may suliranin na pagkanerbiyos, kayo po'y tumayo pansumandali. Sige't kung magagawa n'yo, kayo po'y tumayo lang.

Ngayon iyuko n'yo ang inyong ulo, lahat po.

³²⁹ Oh, Satanas, ikaw na masamang espiritu! Lantad ka na. Lumabas ka na mula sa mga taong ito. Sinasaway kita, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lisanin mo ang mga taong ito. Lumabas ka.

³³⁰ Tumingin ka rito ngayon, binibini. Sandali lang po. Ngayon ay malaya ka na. Wala na ito sa iyo. Gusto ko lang tanungin. . . Ang bawat isa'y pinagaling na. Ang buong kabuoan n'yo rito ay pinagaling na. Nilubayan ka na ng kasamaan. Ngayon haya't ang pakiramdam mo nga'y pinapanatag na talaga. [Sinabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Maayos na ang pakiramdam mo ngayon. Ngayon humayo ka na sa daan mo, na may galak, na nagbubunyi, pinasasalamatang ang Diyos para dun. Sige.

³³¹ Halika rito, ginoo. Ikaw at ako'y estranghero sa isa't isa. Di natin kilala ang isa't isa. Di pa kita nakikita, sa buong buhay ko. Nakikilala ka ng Diyos. [Huminto si Kapatid na Branham—Pat.] Tumingin ka rito, ginoo. Tumingin ka pansumandali sa akin.

³³² Ngayon, sa mga tagapakinig. Heto ang isang estranghero. Di ko pa nakikita ang lalaking ito kailanman. Hindi ko siya kakilala, di ko pa siya nakikita kailanman. Alam 'yan ng Diyos. Sa abot ng nalalaman ko, hindi ko pa siya nakikita, sa buong buhay ko.

³³³ Pero ipinahahayag ko nga na si Jesus ay nagbangon mula sa patay, na ang siya ring mga bagay na ginawa noon ni Jesus nung Siya'y narito pa sa isang—sa isang katawan na nakikita, ay narito nga mismo ngayon na ginagawa ang siya ring bagay.

Siya'y bumangon mula sa patay, at nabubuhay kailanpaman. Mapalad ang inyong mga mata na nakikita ang mga bagay na ito at nananampalataya sa Panginoong Jesus!

³³⁴ Ang lalaking ito, isang estranghero. Di ko pa siya nakikita kailanman, at marahil di pa niya ako nakikita kailanman. Kung akin mang . . . Kung nakita ko na siya noon, alam ng Diyos na di ko 'yun naaalala. Ang sabi ng lalaki'y di ko siya kakilala. Pero kilala nga siya ng Diyos. Kung ihahayag nga ng Diyos, sa lalaking ito na nakatayo roon, na isang ganap na di ko kakilala, kung ano ang saktong suliranin sa kanya, haya't ang lahat nga ng tungkol dun; sabihin kung ano ang suliranin sa kanya, kung ano man 'yun, at alam nga ng lalaking ito na wala akong nalalaman tungkol dun, sige't tatanggapin n'yo ba si Cristo bilang inyong tagapagpagaling, bawat isa sa inyo? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

³³⁵ Ang gusali po'y unti-unting nawawala't bumabalik. Kung inyo lang mapagtatanto ang dahilan sa likod n'yan na sinasabi ko sa inyo, mga kaibigan! Yung napupunta ka sa ibang daigdig. Napapasa ibang dako ka. Tumutugaygay ka roon sa daloy ng panahon, ng buhay ng isang tao, na nakikita sila, kung sino sila at kung nasaan sila. Di mo namamalayan. Bigla ko na lang mamamalayan na wala na, na itong bahagi rito'y di na pala gumagana nang lubos, dahil narito pa tayo. Ganoon nga. Pero nakikita n'yo nga na nagbangon Siya mula sa patay. Nakikita n'yo mismo na ang sinasabi ko sa inyo ay katotohanan.

³³⁶ Ngayon tumingin ka lang sa akin, ginoo, pansumandali, nang sa gayon ikaw at ako'y magkaroon ng ugnayan sa Panginoong Jesus. Kung ako'y lingkod Niya, sabi ni Jesus, "Ang mga bagay na ginagawa Ko ay gagawin din ninyo."

³³⁷ "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan," ang di-mananampalataya ang tinutukoy. Naroon kasi sila sa paglalaro ng beysbol at palangoy-langoy, at kung ano pa. Hinding-hindi nga nila Siya makikita.

³³⁸ "Pero makikita ninyo Ako, dahil Ako'y kasama ninyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo."

³³⁹ Kaya naman, kung Siya'y bumangon mula sa patay, at Siya nga'y nakatayo rito sa umagang ito, at heto nga na ang pahid na ito na kamit ko ay hindi sa ganang akin, kundi sa Kanya Ito. Kung ganoon ay di n'yo maisesekreto ang buhay n'yo kahit subukan n'yo, dahil tayo nga'y may kaugnayan sa isa't isa, sa pamamagitan ng Espiritung Anyo. Kung magagawa ng Diyos na ihayag sa akin kung ano ang itinayo mo riyon, magagawa mo bang tanggapin ito nang buong puso mo? [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, "Opo, ginoo."—Pat.] Gagawin mo ba? ["Opo, ginoo."]

³⁴⁰ Pinahihirapan ka ng sakit sa tiyan. [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, "Tama po."—Pat.] Yun nga 'yun. At ang dahilan nun, ay dahil ika'y . . . Ang sanhi nun ay mula sa isang pagkanerbiyos

na kondisyon. At di 'yun isang pagkanerbiyos, na sa panlabas, na nanginginig dahil sa nerbiyos. Nakikinita ko na malalim ka mag-isip. Lagi kang may pinaplano, kumbaga'y tinatawid mo na agad ang tulay bago ka pa makarating dun. Inisip mo na ang bagay na di pa nangyayari, at sinabihan ka na tungkol dun noon. Ganoon nga. Pero wala ngang magandang sanhi 'yun na sabihin nila 'yun sa iyo noon, dahil. . . Pero ngayon haya't mayroon na, dahil pinagaling ka na. Uuwi ka sa tahanan na isang magaling nang lalaki. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

³⁴¹ Sa Pangalan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos, sinasaway ko ang bawat masamang espiritu na tumatakot sa taong ito. At nawa'y ang lalaking ito'y humayo na ng may kapayapaan, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³⁴² [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Salamat, kapatid. At hindi kita malilimutan, din."—Pat.] Pagpalain ka ng Diyos.

³⁴³ Sumasampalataya na ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nang buong puso n'yo? ["Amen."] Kayo ba'y sumasampalataya na na si Jesus Cristo ay nagbangon nung Araw ng Pagkabuhay? ["Amen."] Nananampalataya ba kayo na ang Kanyang Presensya ay narito ngayon? ["Amen."] Kayo po ba'y tatalima sa akin bilang Kanyang propeta? ["Amen."] Sige't kung gagawin n'yo, mismo 'yun, ang bawat isa nga sa inyo ay maaaring gumaling. Ang bawat isa sa inyo ay mapapagaling. Sinasampalatayanan n'yo ba? ["Amen."]

Kung ganoon iyuko n'yo ang inyong ulo.

³⁴⁴ Diyos na Makapangyarihan sa lahat, may akda ng Buhay, may bigay ng bawat kaloob, Iyo pong ipadala ang Makalangit Mong pagpapala sa mga tagapakinig dito. At ngayon habang ang Iyong Espiritu ay kumikilos, at ang mga narito ay narito sa kalagayan na ito, akin ngang sinasaway ang bawat maruming espiritu, ang bawat demonyo na tumatali sa mga maysakit. Si Cristo ay narito, na Siyang nagbukas ng mga pinto at ang mga bihag ay pinalaya na, at ang bawat isa sa kanila ay malaya na dahil si Jesus ay nagbangon mula sa patay at pinatutunayan na Siya'y narito mismo ngayon.

Satanas, lumabas ka mula sa mga tao, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

³⁴⁵ At ang bawat isa ngayon na nananampalataya. . . Hindi ko alintana anuman ang kondisyon. Kayo na mga nakasaklay, tumayo kayo. Bawat isa'y tumayo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at mapaigi ang lagay at gumaling.



PATUNAY NG KANYANG PAGKABUHAY NA MAG-ULI TAG55-0410M
(Proof Of His Resurrection)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong umaga ng Linggo ng Pagkabuhay, Abril 10, 1955 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org